


BUHAY

 Masdan n'yong maigi ang maliliit na mga bata. Siyanga, siyanga! Ang ani ng kinabukasan. Alam n'yo, sa palagay ko'y tayo na marahil ang lahat na ng mga regular na dumadalo sa tabernakulo rito. Subalit kung sakali mang, mayroon, may mga bagong naparito, at ito ang pinakaunang pagkakataon nilang makasama natin, tunay ngang ikinalulugod naming tanggapin kayo. At ngayo'y nais naming gawing malinaw kung papaano kami naghahandog ng mga bata sa Panginoon.

² Kita n'yo, sa Biblia, madalas may mga tao tayo ngayon, na nagpapasiya lang sa sariling unawa kung papaano nga ba nila dapat isagawa ang mga ganitong bagay. Subalit kami, rito, ay nagsisikap lamang na manatili mismo sa pamamaraan kung paano isinasagawa ang mga bagay na ito ng pinagpalang matandang Salita. Kaya't, hindi talaga ito naluluma, lagi itong bago dahil ito'y pamamaraan ng Diyos ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay.

³ Ngayon noong naparito ang ating banal na Tagapagligtas, ang Panginoong Jesus, noong dinala nila sa Kanya ang mga maliliit na bata para isagawa ang naturang bagay, o naturang pagkilala na dapat ipagkaloob sa mga maliliit na bata, aba'y, kinalong Niya sila sa Kanyang mga bisig at pinagpala sila. At sinabi Niya, "Pabayaang ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata, sapagkat sa mga ganito nauukol ang Kaharian ng Langit."

⁴ At dinala nila ang mga mumunting bata, at inihandog sila. Sa madaling salita, simpleng inilapit nila ang mga bata sa Kanya, at pinagpala Niya sila. At ngayon ay iniwan na sa atin, bilang ang Iglesya, na ipagpatuloy ang gawa na ginawa Niya noong naririto pa Siya sa lupa. At 'yun ang sinisikap nating gawin.

⁵ At tunay ngang may isang grupo tayo ng mga nakatutuwa't mumunting mga bata na nakahilig sa dibdib ng kanilang mga tatay, ngayong umaga. At ngayon... Ang maliit na anak ni Kapatid na Junior. At ni Junie, isa pang Junie rito, anak ni Weber. At—at ni Kapatid na Stricker na munting... Tingnan nga natin, sa tingin ko ang isang ito ay babae; babae, at isang lalaki. Dalawang babae at isang lalaki. Buweno. Mainam 'yan. At ang mumunting bata riyang, inyo rin bang, o sumama lang siya sa inyo. Mainam 'yan.

⁶ Buweno, nagagalak ako at natutuwa na pinagpala ng Panginoon ang inyong mga tahanan ng mga kaloob na ito na nagsisilbing mumunting tanda ng pagmamahalan. Alam n'yo, kapag dumating na sa punto na—na inaayawan na ng mga

kababaihan ang mga bata, ayaw na nila talaga, hindi na sila maituturing na mga babae pa, sa palagay ko. May pananabik ako sa mga maliliit na bata, at—at—at may kung anong bagay kasi sa kanila.

⁷ Ang munting anak ko riyan, siya’y . . .sabi ni Meda, “May katandaan ka na rin nung ipinanganak siya.”

⁸ Sabi ko, “Hindi, kapag ipinagkakaloob sila ng Diyos, nasa tamang panahon sila. Tama ’yun. Tamang-tama sila sa panahon. At kaya nga alam ko ang kahalagahan ng mga bata, sa tahanan.

⁹ At maraming batang mag-asawa, sinasabi nila, “Buweno, hindi pa kami puwedeng magkaanak. Magkakaroon din kami niyan sa huli, saka na lang.” Kapag ipinagkaloob sila ng Diyos, tanggapin ninyo sila, sapagkat sila ang tali na bumibigkis sa mga puso at mga tahanan, ito ngang mga mumunting bata.

¹⁰ Ngayon, bababa na kami rito kasama ng mga matatanda sa iglesya, kung mararapatin n’yo, sa munting batang ito rito, dahil siya ang nasa aming kanan, sisiguruhing . . .[Blangkong bahagi ng teyp. Inihahandog ni Kapatid na Branham ang mga bata sa Panginoon—Pat.]

¹¹ Kami ng aking maybahay, noong naroon kami, ginalugad namin ang Arizona para mapuntahan ka, ilang linggo na ang nakararaan, doon sa Parker, sa lahat ng dako pa nga, sinisikap na matunton ka, at hindi ka namin mahagilap. At sinabi nila sa akin na naroroon ka pala sa reserbasyon sa kabilang ibayo ng ilog, lampas na, kaya hindi kita naabutan. At nabalitaan kong may sakit ang iyong maybahay, at sinabihan ko si Kapatid na Hooper na sabihin sa iyo na papuntahan siya rito para makapanalangin kaming kasama niya. Mananalangin kami para sa mga maysakit, sa ilang saglit . . . maliban lang kung siya’y sadyang, malubha talaga ang karamdaman at nais na maipanalangin na lamang.

¹² Magkakaroon tayo ng isang—isang pila sa ilang sandali, pagkatapos kong sabihin ang ilang mga bagay. O, ako pa rin ba ang magsasabi nito, Kapatid na Neville? [Sumagot si Kapatid na Neville, “Opo, ginoo.”—Pat.]

¹³ Isang pabatid ang nais kong sabihin ngayong umaga. At, pagkatapos nito, hindi na tayo mangungusap nang matagal, at pagkatapos nga siguro’y tatapusin na lang ito mamayang gabi. Mayroong pabatid dito, na nais kong . . .Kung may nakatira sa malapit, na handang makipag-usap sa mga kapitbahay patungkol dito. Tinatawagan ako ng mga kapitbahay rito. Lalong-lalo na ang isa, sa malapit, tinawagan ako noong makalawa, at tungkol iyon sa mga batang lalaking naglalaro ng beysbol sa lote rito. May basag silang bintana, at natumbang screen na pinto, nasirang hardin. Sabi . . .Yung mga maliliit na bata, alam naman ng lahat ng mga kapitbahay na gusto nilang makapaglaro. Oo naman. Mga bata lang sila. Subalit napalo nila

ang kanilang bola palayo sa kabilang panig ng kalsada at—at nasira ang kanilang mga hardin at mga iba't iba pang bagay. At sa palagay ko'y may ilang maliliit na batang lalaki rito, na nakatira sa lugar, ang kasali roon.

¹⁴ At napakabait nga nila—nila sa atin. Hindi sila kailanman nagreklamo, ang mga kapitbahay, kahit sa mga gabi. At medyo nakakapag-ingay nga tayo rito sa paligid, alam n'yo naman, sa kalaliman ng gabi, subalit walang anuman iyon sa kanila. At alam n'yong maaari nilang; maaari nila tayong ireklamo, kung gusto nila. At naniniwala tayo sa pagkakaroon ng matiwasay na pakikitungo sa ating mga kapitbahay, at sa . . . “Mamuhay nang pakyapa kasama ang lahat ng mga tao, hangga't maaari.” At, kaya nga, gusto nating gawin iyon.

¹⁵ At, ngayon, kung wala nang iba pang lugar sa siyudad, o walang lugar para makapaglaro ng beysbol ang mga bata, titingnan natin lalo na kung hindi tayo makapagtayo ng malaki't mataas na bakod, sa palibot, para hindi na lumampas 'yung bola at makaabala't makaperwisyo pa sa ating mga kapitbahay. Pero, dito naman sa'tin sa Ingramville, diyan lang, mayroon silang pampublikong beysbolan, para sa lahat ng mga bata, at mga palaruan para mapaglaruan nila. Doon lang sa unahan ng Eighth, banda roon sa sementeryo, naroon ang malalaking palaruan ng lungsod, para makapaglaro ng beysbol at kung ano pang gusto ninyong laruin.

¹⁶ Hindi lang ako ang gumawa ng desisyon. Dinulog ko ito sa lupon ng mga tagapangasiwa ng iglesya, kaninang umaga, at tinanong sila kung ano ang dapat naming gawin, upang maging matiwasay ang ating pakikitungo sa ating mga kapitbahay, at maipaunawa ito sa ating mga kaibigan at sa lahat, at sa ating mga kasamahan sa iglesya. At napagpasyahan nilang marahil magiging mabuting bagay para sa atin na huwag nang papaglaruin ang mga bata sa lugar. Dahil sa, ito'y magiging . . .

¹⁷ Hindi sa alintana nating gawin 'yun ng mga bata; walang anumang 'yun sa iglesya, naku, isang maliit na bintana, o bombilya magkaminsan. Subalit kailangan din naman nating isipin ang ating mga kapitbahay, dapat nga naman, alam n'yo naman. Kinakailangan natin silang alalahanin. At nais nating mamuhay na gaya ng mga Cristianong ginoo at binibini. At tayo nama'y . . . Kanilang . . .

¹⁸ Sinabi ko sa kanila, ang tanging paraan na magagawa nila, magpapaskil na lamang kami ng isang maliit na karatula, na bawal maglaro ng beysbol ang mga bata roon. At kanilang . . . ating . . .

¹⁹ Ngayon, kung may sinuman sa inyo na nakatira sa lugar, na naglalaro ang mga anak ninyo sa lugar, natitiyak kong nauunawaan ninyo, kita n'yo, na ayaw nating may tatawag sa telepono at gayong mga bagay, at may bibisitang pulis dito, o

kung anu-ano pa, tungkol sa basag na bintana, mga bombilya at mga bagay-bagay.

²⁰ At kayong maliliit na batang lalaki, kung naririto ang mga maliliit ninyong anak na lalaki, at maliliit na anak na babae, na naglalaro ng beysbol, at makita nila ang karatula roon, bawal. . . “Bawal maglaro ng beysbol.” Buweno, ngayon, ayaw nating maging mahigpit sa mga bata; subalit nais nating maging maginoo’t kagalang-galang sila sa ating mga kapitbahay. Mauunawaan iyon ng lahat, natitiyak ko.

²¹ At hindi ko pinagpasyahan iyon nang mag-isa. Hiniling ko sa mga tagapangasiwa na pumarito kaninang umaga, at hiningi ang saloobin sila. At iyon rin naman ang napagpasyahan, nila, isinasaalang-alang na dapat tayong mamuhay nang payapa kasama ang ating—ating mga kaibigan.

²² At ngayo’y may lugar silang palaruan ng beysbol sa dako rito, mga dalawang bloke lang mula sa kinaroroonan natin ngayon, ’yun ay isang napakaganda’t malawak na beysbolan, at makapaglalaro kayo ng beysbol hanggang kailan n’yo gusto.

²³ Ngayon, sa mga taong dumaraan doon, hindi naman ibig sabihing, bawal na silang dumaan o anuman; lubos na ayos lang iyon.

²⁴ At balang araw, umaasa ako, kung loloobin ng Panginoon, at magtagal pa si Jesus, na magpagawa ng isang—isang opisyal na paradahan ng sasakyan doon para sa simbahan, kung hindi man tayo makapagtayo ng mas malaking bahay-sambahan, na may sariling paradahan. At kung balang araw. . . Bakit hindi, doon na lamang marahil, para may kalakihan, at tratrabahuin na ’yan, aba’y, maaari kaming tumulong dito ni Kapatid na Neville sa pagtratrabaho, at kung ano pa. Magtatayo tayo ng isang. . . Gagamitin ang loteng iyon para sa isang malaking bahay-sambahan, at magtatayo nga ng isang napakalaking bahay-sambahan, at aayusin ito sa ganoong paraan. Kaya, aming—aming binili iyon habang kaya pa naming bilhin.

²⁵ [Nakikipag-usap si Kapatid na Roy Slaughter kay Kapatid na Branham at inaalok ang kanyang trak para maghakot ng graba—Pat.] Salamat, Kapatid na Roy, napakainam nga n’yan, ’yan ay kung, kung mapagpasyahan nang gawin ’yun. Kung gagawin na nila ’yung paradahan ng sasakyan, ’yan ang bagay na sadyang dapat gawin. Iyan ay napakainam. [Nagsasalitang muli si Kapatid na Slaughter tungkol sa naturang paradahan.] Tama. Tama. Tama.

²⁶ Pagbabawalan na kasi tayong pumarada riyan. . . Sinakop na natin, kasi, ’yung kabilang panig ng kalye roon, kaya kailangan nating—nating gumawa ng ilang—ilang paghahanda. At sa katunayan n’yan, itong paradahan, itong pinaparadahan natin ngayon ng sasakyan, pagmamay-ari ’yan ng lungsod. Ganoon nga. Ang ating. . . May napakaliit lang tayong piraso

ng lupa roon, hindi *gaanong* kalayuan, bago lang marating 'yung kalye roon. Tinutumbok nung kalye ang bahay roon ni Brakeman, at pagbaba roon ay doon na mismo 'yun. Dinugtong na kalsada iyon. Dahil, maliit na lawa ito noon, ilang taon na ang nakalipas, noong tinambakan nila ito. At noong sinukat ang ating lupa, nasa pinakagilid na pala tayong ng kalsada, heto na 'yun mismo, kita n'yo. Kaya tuloy, wala tayong harapan. Ang nagagamit natin ngayon ay sa kagandahang-loob ng lungsod. At kaya naman ito ay magiging atin na, mula *rito*.

²⁷ Kaya, tuloy, nagugulumihanan ako, -dadal'wang isip, at kung anu-ano pa. At ako, oh, ako'y sadyang isang—isang—isang hanging pakanluran, 'yan sa palagay ko ang tawag nila rito, o kung anuman. Hindi ako—ako'y makapagpasiya. At, marahil, maaaring balang araw ay maaaring mangusap sa akin ang Panginoon na pumarito at magtayo rito, ng isang napakalaking tabernakulo, at papasukin ang mga taong buhat sa iba't ibang lugar. Kung mangyayari, kakailanganin natin iyon. Kaya, kita n'yo, ayaw naming ibenta ito o gibain ito. Ang gagawin natin, tatabunan natin ito, at papantayin ito rito, at itataas ang bahay-sambahan, at kasunod niyan ang mga hagdang papanhik rito, at ang iba pa. At 'yan na ang mag-aayos ng buong sitwasyon, kita n'yo. At—at natitiyak kong ipagkakaloob ng Panginoon ang bawat sentimo nito, kapag handa na nating itayo ito. Mga sandaan-at-limampu-, dalawang-daang-libong-dolyar na simbahan, at magkakaroon tayong ng sarili nating mga silid na nakalaan sa pagsasahimpapawid at lahat ng sadyang makapagpapainam pa rito, at tuluy-tuloy ang mga gawain, meron lagi sa tuwina. Kaya nga naman, hindi natin alam ang gagawin ng Panginoon. Ipinapanalangin pa lang natin ang mga bagay na ito, pati ang pagi-ebangheliyo at ang iba pa.

²⁸ At kung minsan ay sinasabi ko sa Panginoon, “Buweno, mayroon Kang Oral Roberts at Kapatid na Allen. Mayroon Kang Billy Graham at lahat silang nasa iba't ibang dako. Ano kayang mainam na bagay ang gagampanan ko?” Subalit sadyang. . .

²⁹ Sadyang kinakailangan kong gampanan kung ano ang sinasabi Niyang gampanan ko, kita n'yo. Kaya, para bang medyo nananahimik lang ako sa bagay na 'yan. Ngayon, mauunawaan ito ng bawat isa, sigurado ako. Kaya't pagpalain kayo ng Panginoon.

³⁰ Ngayon, tingnan natin. Medyo atrasado na nang kaunti, kaya pag-iisahin na lang natin ang Sunday school, marahil, at ang pangangaral, pag-iisahin na, Kapatid na Neville? [Sumagot si Kapatid na Neville, “Oo.”—Pat.]

³¹ At nagagalak tayong makapamalita tungkol sa kanyang sanggol, din naman, hindi ba? Siyanga, napakainam talaga! At marahil isa siyang propetesa. [Sumagot si Kapatid na Neville, “Kung may ganong nangang bagay.” Tumawa sina Kapatid na

Branham at Kapatid na Neville—Pat.] Sige. Buweno, tayo'y—tayo'y nagagalak para rito sa mga mumunting propetesa, kita n'yo, ikinagagalak natin talaga. Sadyang pinasasalamatan ko ang Panginoon para sa kanila.

³² Alam n'yo, dumarami ang mga kababaihan dito sa bansa, gayun nga, alam n'yo ba. Pinagbubulay-bulayan namin iyon, kita n'yo. Sa palagay ko'y mga—mga nasa tatlo sa bawat lima. Tatlo. . . Sa limang bata na naisisilang, tatlo sa kanila ay mga babae. At parami nang parami ang mga babae; paunti nang paunti naman ang mga lalaki.

³³ Ang mga kababaihan na ang nagdodomina. Siyempre pa, sadyang 'yun ang takbo ng panahon at ang propesiya ng kapanahunan, na ang bansang ito ay bansa na ng kababaihan. Pamamahalaan ito ng isang babae. At tanda n'yo ba, tren- . . . 1933, nakita ko iyon na dumating sa isang pangitain, isang napakamakapangyarihang babae ang mamamahala sa buong bansa, balang araw, 'yun ay saktong-sakto, bago ang huling kapanahunan, bago ang ganap na pagwasak.

³⁴ Ang mga kotse, sa araw na iyon, ay magiging kasing hugis na ng itlog, tatakbong gaya, sa ganitong porma. At kukontrolin iyon ng isang uri ng puwersa, na ni hindi na nila kailangang gamitan pa ng manibela, maya't maya. [Pinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang minsan—Pat.] Basta itakda mo lang ang gagawin niya, at aandar na nang ganoon. Kita n'yo, bago ang pagwasak! Ngayon, tandaan n'yo, 'yun ay, ngayon, nakarekord iyon. Kita n'yo?

At ang mga babae na ang mamamahala. Ang mga babae na ang mamamahala.

³⁵ At—at ang doktrina ng simbahang Katoliko, na lagi ko nang sinasabi na lalaganap sa Estados Unidos, ito'y talagang halos nariyan na ngayon. Kita n'yo? Pagsamba sa isang babae, kay Maria, na isang diyosa, at ito'y salungat sa Biblia. At ang pamamagitan sa mga patay, ito'y salungat sa Biblia. At ang lahat ng mga bagay na ito, at sadyang lalaganap pa.

³⁶ At kung minsan iniisip ko, sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga bagay na ito, na dapat na akong magkaroon ng isang lugar kung saan ako mamimirmihan at mag-uumpisang magturo, alam n'yo na, at basta—basta ituloy-tuloy lang ito, na tila baga. At ngayon kasi, sa mga iglesya ngayon, hindi ko nagagawa iyon dahil limitado ang oras at pagkapanalangin sa mga maysakit, tapos na; at manghihikayat lang, mananalangin lang para sa mga maysakit. At marami pang bagay bukod sa pananalangin para sa mga maysakit, sa Biblia, alam n'yo. Oo. Maraming mga bagay na—na gagawin.

³⁷ Gusto kong ibalita ang pagtitipon sa Canada, isa sa mga pinakamainam na mga pagtitipong idinaos natin sa kontinente ng Hilagang Amerika. Hindi pa ako kailanman, sa buhay ko,

(isusulat ito ni G. Mercier, at ng iba pa), nakakita ng katulad nung naganap sa pagtitipon sa Canada. At, syempre pa, tahasan akong inayawan ng mga Pentecostal. Ang lahat lang ng naroon ay mga Baptist at Anglican, at iba pa. Kahit saan, inaayawan ako ng Pentecostal, dahil ayaw kong tanggaping “ang katunayan” ng Banal na Espiritu, ay pagdaloy ng dugo mula sa mga kamay mo, at pagdaloy ng langis mula sa mga kamay mo, at mga ganoong bagay, at pagkakaroon ng mga guni-guni ng bahaghari, at ang lahat ng mga bagay na gayon. Walang kaugnayan sa kaligtasan ang sensasyon, wala talaga. Taimtim tayong lumalapit sa pamamagitan ng pananampalataya. Nananampalataya tayo sa Diyos, at—at ’yun na ’yun. Kita n’yo? Kaya, nga, sumulat sila ng mga liham, bago pa ang pagtitipon, sa Canada, at sadya talagang umiwas ang mga Pentecostal gaya ’nun, dahil ayaw nilang makibahagi o magkaroon ng anumang kaugnayan sa pagtitipon, dahil ayaw kong tanggapin iyon. At kaya ako pa ri’y . . .

³⁸ Kahit sino pa ang tumanggap Nito, o anuman ang gumawa nito, mananatili ako sa pinagpalang matandang Biblia. Amen. Ito ang Salita ng Diyos. At kung kinakailangan nating manindigang mag-isa, maninindigan tayong mag-isa, magtatayo ng isang iglesya. Tama ’yun.

³⁹ Ngayon, bago natin talakayin ang Kanyang—Kanyang Salita, iyuko natin ang ating mga ulo para sa isang sandali ng pananalangin.

⁴⁰ Banal na Ama, kami po ay tunay na nagpapasalamat sa Iyo para sa panahong ito ng pagsasama-sama sa palibot ng Salita, at sa mga banal na pananangguning ito sa Diyos. At nawa po, habang nakikibahagi kami sa Mga Ito, sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig, kasihan nawa ng Espiritu Santo ang Mga Ito sa aming mga puso, upang, pag-alis namin ngayong araw, sasabihin naming gaya niyaong mga galing ng Emaus, “Mabuting naparito tayo. Nag-alab ang ating mga puso sa loob natin, sapagkat kinausap Niya tayo sa daan.” Hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

⁴¹ Ngayon, pinili ko, sa araw na ito, kung kalooban ng Diyos, ang aking paksa ay matatagpuan sa—sa . . . dito sa Aklat ng Mga Awit, 63.

Oh Dios, ikaw ay Dios ko; hahanapin kitang maaga: kinauhawan ka ng aking kaluluwa, pinananabikan ka ng aking laman sa isang tuyo at uhaw na lupa, na walang tubig;

⁴² Pakinggan nating maigi ang salmista!

Upang tanawin ang iyong kapangyarihan at ang iyong kaluwalhatian, sa gayo’y tumingin ako sa iyo sa iyong santuario.

Sapagka’t ang iyong kagandahang-loob ay mainam kay sa buhay, pupurihin ka ng aking mga labi.

*Sa gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay:
igagawad ko ang aking kamay sa iyong pangalan.*

*Ang kaluluwa ko'y matutuwa na gaya sa utak at taba;
at ang bibig ko'y pupuri sa iyo ng masayang mga labi:*

43 Ngayon idagdag nawa ng ating Panginoon ang Kanyang pagpapala sa Salitang ito. Ang aking paksa ngayong umaga ay matatagpuan sa *L-i-f-e* [*B-u-h-a-y* sa Tagalog—Tag.], apat na maliliit na titik.

44 At gaya ng sinasabi ng salmista rito, si David, laging kinakaugnay ng Diyos ang tao sang-ayon lamang sa paraan ng takbo ng kanilang isipan. Ngayon, nakipag-ugnay ang Diyos kay David, gaya ng sariwang pastulan at payapang mga tubig, at marami pang iba. At si David sa dako roon, matapos niyang masaksihan ang kayraming buhay, kung papaanong nanahan ang Diyos sa punongkahoy, at kung papaanong nanahan Siya sa mga bulaklak, at kung papaanong nanahan Siya sa—sa lagaslas ng batis.

45 Kung nakapaglakad na kayo roon sa tabi ng isang batis kung saan may maliit na talon, at narinig na 'yung tuluy-tuloy na lagaslas. Oh, mapapahiga talaga ako roon at mahihimbing, pagkapikit na pagkapikit. Ni minsan hindi ako uminom ng pampatulog sa buong buhay ko. Natukso na akong gawin iyon, maraming beses na, sa aking mga pagtitipon, sa tuwing kayrami kong inaalala, subalit patuloy akong tinutulungan ng Diyos mapasa-hanggang ngayon. Pero, sinasabi ko sa inyo, naniniwala akong mas mainam pa iyon kaysa sa anupamang pampatulog na maaaring mayron sila sa botika. Ang mahimlay nang mainam sa tabi ng lumalagaslas, na maliit na batis, at manalangin nang isang sandali, at, "Ngayo'y mahihiga ako," at sadyang hihiga lang doon. Oh, may kung anong bagay rito na kaypayapa. Sadyang pinananabikan ko ito!

46 At sinabi rito ni David, "Ako'y sadyang. . . Ang kaluluwa ko ay sadyang nauuhaw sa Iyo!" Pakinggan n'yong maigi.

*Oh Dios, ikaw ay Dios ko; hahanapin kitang maaga:
kinauuhawan ka ng aking kaluluwa, pinananabikan ka
ng aking laman sa isang tuyo at uhaw na lupa, na
walang tubig;*

47 Saka ipinagpatuloy pa niyang sabihin:

*Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mainam
kay sa buhay, . . .*

48 Ngayon, wala nang, tila ba, mas mainam pa kaysa buhay. Ano pa ba sa palagay natin ngayong umaga ang mas mainam pa kaysa buhay? Heto nga't, sinasabi ni David, "Ang Iyong kagandahang-loob ay mainam, para sa akin, kaysa buhay." Ngayon, iniisip natin, kung gayon, ang salitang buhay pala'y may—may—may tambalang kahulugan, nangangahulugan pala

ito nang higit pa kaysa—kaysa—kaysa isang pakahulugan. Ang buhay, mismo, ay nangangahulugang “pananatili.” Kaya, kung ganoon pala, kung “Ang Iyong kagandang loob ay mainam kaysa buhay,” kung gayon ano uli ang mas iinam pa? Sapagkat, tanging ang Diyos lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. Ang Diyos lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. Kung mapaglalakip-lakip natin iyon ngayon, magiging madali para sa ating makita ang buong larawan na inilagay ng Diyos sa ating harapan, kung papaanong, balang araw, ang lahat ng mga bagay na hindi sa Diyos ay maglalaho at malilipol, at mapupunta sa wala.

⁴⁹ Ngayon, ang lahat ng may pasimula ay may katapusan. Walang anumang nagpasimula ang anupa’t hindi matatapos. Subalit ang isang bagay na walang pasimula ay walang katapusan. At—at tanging ang Diyos lamang ang Siyang nag-iisang nagtataglay ng “walang pagsimula.” “Wala Siyang pasimula ng mga araw, ni katapusan man ng mga taon.” Kaya’t, samakatuwid, kinakailangan nating maging bahagi ng Diyos, sa pamamagitan ng kapanganakan, upang mabuhay, magkaroon ng Walang Hanggan buhay.

⁵⁰ Kung gayo’y, ang kasalanan at ang paghihirap, at ang lahat ng mga bagay na ’to, ay kinakailangang humantong sa isang dako kung saan hindi na ito mananatili, dahil mayroon ’tong pasimula. May panahon noon na walang karamdaman, walang kasalanan, walang kapighatian, walang kamatayan, at pagkatapos ay nagkaroon nito dahil sa pagbabaluktot. Kaya, ang lahat ng kabaluktutan ay kinakailangang matapos na. At ang lahat ng mga bagay, na nagkaroon ng pasimula, ay kinakailangang matapos na, upang ang Walang Hanggan ay manatili. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

⁵¹ Iyan ang dahilan kung bakit lubos na imposible para sa sinumang tao ang magkaroon kailanman ng kaligtasan labas sa bagong Kapanganakan. Dahil, ang mga tao ay ipinanganganak na muli ng Espiritu ng Diyos, at nagiging bahagi ng Diyos. Ang kanilang buhay ay Walang Hanggan kung papaanong ang Diyos ay Walang Hanggan. “Hindi sila maaaring mapahamak,” sinabi ni Jesus. “Walang makaaagaw sa kanila sa Aking kamay. Sila ay sa Amang, Makalangit.” At walang sinumang makaaagaw sa kanila o makapaghiwalay sa kanila, sapagkat bahagi sila ng Diyos.

⁵² Ngayon hindi naman tayo iskolar. Ako’y—Ako’y sadyang, taong napakasalat sa pinag-aralan. Kaya, kung minsan kapag nadaraan ko ang ganoong mga salita, sinasaliksik ko iyon, upang alamin, pagtutuunan ng pansin ang nag-iisang salitang iyon. May mga kaibigan ako at mga tagapagturo ng Biblia na may kakayahang kunin ang Griego, o ang Hebreo, [Pinipitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri nang tatlong beses—Pat.] at walang hirap na tugaygayin iyon sa kahit saang

panig ng buong Kasulatan. Subalit ako nama'y tumutuon lamang sa isa, at sasaliksikin iyon.

⁵³ At nalaman ko, na, noong sinabi Niya, “Sila’y binibigyan Ko ng Walang Hanggang Buhay.” Mula pala ’yun sa salitang, sa salitang Griego, na Zoe, Z-o-e. At ang Zoe ay Diyos, ang “Buhay” Mismo ng Diyos. Kaya ngayong, natitiyak nating mga kabahagi tayo ng Zoe, nabubuhay tayo nang Walang Hanggan kung paanong nabubuhay ang Diyos nang Walang Hanggan. Samakatwid, sa pakikibahagi sa bahagi ng Diyos, tayo ay pinagpala nang Walang Hanggan at naligtas, magpakailan-kailanpaman, walang katapusan, walang pasimula. Naging bahagi tayo ng Diyos. Kung mapapansin n’yo, dito sa dakilang pasimulang ito, kayo’y bahagi. . .

⁵⁴ Mayroong nagtanong ng ganito, “Sino itong dakilang Jehovah? Saan Siya nagpasimula?” Wala Siyang pasimula. Siya ay Diyos magpakailanman. At Siya ay. . .

⁵⁵ Ngayon, ang salitang *magpakailanman* ay nangangahulugang “isang espasyo lang ng panahon.” Heto nga’t, ang Walang Hanggan ay nangangahulugang “magpakailanman.” Pero, ang *magpakailanman*, ang salitang *magpakailanman* sa Hebreo, ay nangangahulugang “espasyo, itinakdang panahon,” at ito nga’y nasa uring pang-maramihan, “magpakailan-kailanpaman.” Kita n’yo? Ang ibig sabihin nun ay dalawang magpakailanman. Kita n’yo?

⁵⁶ Subalit, ang Walang Hanggan, isa, kumpleto. Ang Walang Hanggan ay isang—isang bilog na walang katapusan. Hindi ito kailanman nagpasimula at hindi ito kailanman magtatapos.

⁵⁷ At kung papaanong, sa mundo, alam nating may tunay, at totoong espiritu ng pag-ibig. May isang tunay, at totoong espiritu ng katapatan. May isang tunay, at totoong espiritu ng karangalan. Ilan ang nakaalam nun? Alam natin iyon. Nakikita natin iyon. Buweno, ang Diyos iyon, ang—ang mismong bukal.

⁵⁸ Ipikit natin ang ating mga mata, patungo sa ating mga imahinasyon, nang ilang sandali, at bumalik doon. . . bago pa magkaroon ng anumang bagay.

⁵⁹ Ang dakilang bukal ng buong Walang Hanggan ay ang Espiritu ng pag-ibig, kagalakan, yaong Espiritu ng katapatan, yaong Espiritu ng katotohanan, sa ganitong kasakdalan. At pagkatapos, mula roon sa Ama, ay lumabas ang Logos, ang Anak, na isang Theopany, na siyang Katawan ng dakilang Diyos na Jehovah, na lumabas sa isang makalangit na Katawan. Iyon ang Logos. Nangusap ang Salita mula roon sa mga dakilang bukal ng Buhay, at lumabas. At heto na ang—ang Theophany, ang Diyos na ginawang Salita.

⁶⁰ Pagkatapos ay nagkatawang-tao ang Theophany na iyon, sa katauhan ni Cristo Jesus. At nang magkagayo’y ang buong

kapuspusan ng trinidad ay nanahan sa Kanya, kapuwa Ama, Anak, at Espiritu Santo, lahat doon.

⁶¹ At doon tayo mismo patutungo, pabalik doon sa orihinal na pasimula, ng Diyos. Doon tayo'y naipanganak na muli, hindi ng laman; naipanganak na muli, hindi ng dugo; kundi ipinanganak na muli sa pamamagitan ng Espiritu. At sa Walang Hanggang Espiritu ng pag-ibig at katapatan na iyon, ay bumababa upang tumahan Ito sa atin.

⁶² At kaya kapag namatay na tayo, mula sa buhay na ito, papasok tayo sa naturang katawan. “Na, kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa, ay mayroon na tayong isang theophany na pupuntahan, isang katawang makalangit.”

⁶³ Pagkatapos, sa Pagparito ng Panginoong Jesus, ang katawang ito ay muling kukunin mula sa lupa, at pagiging niluwalhating kalagayan, upang mabuhay sa Kanyang Presensiya magpakailanman.

⁶⁴ Pagkatapos, ang lahat ng mga kabaluktutan, ang lahat ng mga bagay na naroon sa kabaluktutan, ay maglalaho nang lahat. Paroroon na ang laman sa kaparusahan nito. Ibubuka ng impiyerno ang kanyang bibig at lalamunin ang lahat ng kasamaan at ang kabaluktutan. At ang Diyos at ang Kanyang minamahal na Iglesya, ang Kanyang Nobya, ay tatayo na sa mga Walang Hanggan na parating. Iyon ang dakilang pag-asa ng Iglesyang Cristiano.

⁶⁵ At humiyaw si David, “O ang Iyong kagandahang-loob ay mainam para sa akin kaysa buhay.”

⁶⁶ Ngayon, ang buhay, nais ng lahat na pagbulay-bulayan ang tungkol sa buhay. At ang buhay, ang salitang *buhay*, ay nagkaroon ng binaluktot na bahagi, dahil maging ang buhay mismo ay may baluktot na bahagi. At kadalasan, gusto ng mga taong tukuyin ang buhay na gaya ng nagkakasiyahan, nagiinuman, nagkakagulo, at gumagala. Sasabihin nilang, “Ito ang buhay.” Sadyang nagkakamali sila. Iyon ay kamatayan. Kita n’yo? Hindi iyon buhay. Kamatayan ’yun.

⁶⁷ Ilang linggo na ang nakalilipas, doon sa isang malaking, kilalang hotel sa—sa Canada kung saan nila ako pinatuloy. Bumalik ako sa kuwarto ko, pagkatapos ng aking gawain. At may mga kadalagahan doon, palampas na sa pagiging tinedyer ang edad, disi otso, disi nuebe, marahil nasa beinte-tres na, mga nasa ganoon. Tatlo o apat sa kanila’y nagtatakbuhan paroo’t-parito sa pasilyo, na nakapang-ilalim lang. At may mga hawak na bote sa kanilang mga kamay, nagtatakbuhan mula sa isang kuwarto patungo sa isa pa, may mga itsurang kabataang babae.

⁶⁸ Paglabas ko ng elevator, tumayo ako at tumingin. Oh, may Isang Bagay na sumagi sa isip ko! Naisip ko, “O Diyos, ang munting Rebekah o Sarah ko kaya’y hahantong sa ganyan?”

69 At tiningnan ko sila. Pasuray-suray sila roon sa pasilyo. Tumabi na lang ako, sa isang gilid, at dumaan sila at lumakad na paalis, nag-iba ng direksyon, patuloy ang inom. Napahinto ako, doon sa pasilyo, tiningnan silang muli, sayang ang mga nagagandaha't mumunting mga binibining sana'y nararapat pakamahalin ng kabinataan. At narinig kong sinabi ng isa sa kanila, "Whoopee! Ito ang buhay!"

Naisip ko, "Maling-mali iyon! Iyon ay kamatayan."

70 Sapagkat, sinabi ng Biblia, "Ang nagpapakabuyo sa kalayawan ay patay bagamat siya'y buhay." Kaya nga nalaman na natin, ang buhay na iyon, ang tinatawag nating buhay.

71 At nakakakita tayo ng mga karatula ngayon, gaya nito, "Kung saan may Budweiser, ay may buhay." Sadyang napakabaluktot niyon! Kung saan may Budweiser, iyon ay kamatayan.

72 At nakakakita rin tayo ng mga karatulang ganito, naman, "Nag-uumpisa ang buhay paglubog ng araw." Mali. Nag-uumpisa ang kamatayan paglubog ng araw. Ang mga tao'y nagiging mga gala sa gabi. Naggagala sila kapag gabi. At kung mapapansin n'yo, napapasa kanila ang kalikasan ng masama. Laging gumagala ang kasamaan sa gabi.

73 At nabasa ko sa isang artikulo sa isang magasin, minsan noong nakasakay ako ng eroplano. Tungkol iyon sa Hollywood. At sabi, doon, "Nag-uumpisa ang buhay pagka hating-gabi. Dapat kayong bumisita sa ilang mga kalye at kung anu-ano pang mga bagay." At may mga mahahalay silang mga larawan, at kung anu-ano pang mga bagay, na nagaganap.

At sabi ko, "Napakabaluktot nga niyon!"

74 Nakita n'yo, kung may kaharian si Satanas, kinakailangan niyang magkaroon ng huwad na pamamalakad. Kinakailangan niyang magkaroon ng isang bagay na maaari niyang imungkahi sa kanila, para isipin nilang nabubuhay sila. Subalit iyon ay walang pasubaling nasa kabilang panig. Iyon ay kamatayan, sa anyong buhay. Kita n'yo? Iyon ay pagbabaluktot mula sa tunay na buhay.

75 Kaya't, tapusin na natin ito sa ating isipan, ngayon din. May iisang paraan lamang para magkaroon ng buhay. Tama 'yun. "At ang makilala Siya ay Buhay." Iyon ang tanging paraan na magkakaroon tayo ng Buhay, at wala nang ibang paraan pa, sapagkat ipinangako lang ng Diyos ang Buhay sa pamamagitan ni Jesus Cristo. At ang dakilang Jehovah, na walang pasimula o walang wakas, walang—walang pasimula ng mga araw ni katapusan man ng mga taon, ay pinagkalooban na tayo ng Buhay kay Jesus Cristo, at sa Kanya lamang.

76 Hindi lang para kilalanin Siya bilang isang mabuting tao; hindi lang para sambahin Siya na para bang Siya'y magiging,

isang—isang—isang diyos, gayung Siya nga ang Diyos. Subalit, ang dapat na gawin ay ang makilala Siya. Ganoon na nga. Hindi ang sambahin Siya, kundi, “Ang makilala Siya ay buhay.” Sinasamba rin Siya ng mga diablo. Tunay nga. Ang lahat ng tuhod ay lumuluhod rin naman sa Kanya.

⁷⁷ Ngunit, “ang makilala Siya,” sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at sa pagbabago ng inyong buhay, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, yaong dakilang bukal ng lahat ng pinagkukunan ng kabutihan na tumatahan sa inyo. Ang Diyos na pinagbubunga kayo ng mga bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, pananampalataya, at ng lahat ng mga dakilang katangiang iyon na sa Diyos lamang nagmumula. Iyon lang ang tanging paraan para magkaroon ng Buhay.

Kaya, ang salitang *buhay* ay dating naipaliwanag sa atin nang mali.

⁷⁸ Ngayon, tayo, ang tinatawag nga nating buhay, 'yung may isang taong bibili ng bagong sasakyan, o kaya nama'y magmamaneho sila sa daan, at basta na lang sila hahagibis, marahil, nakainom pa, at nakaakbay sila sa isang babae, at sasabihin ng naturang kabataang lalaki, “Ito ang buhay!” At 'yung kabataang babae, kasama nga itong natipuhang boypren, at nakainom na rin nang kaunti, at sasabihin niya, “Ito ang buhay!”

⁷⁹ O, marahil 'yung tao na noon pa ma'y nag-aasam na ng sangkatutak na pera, at, bigla-bigla na lang, tagapagmana pala siya ng isang napakalaking halaga ng pera. Magpapatayo siya ng napakagarbong tahanan. Kukunin niya ang pinakamodelo sa lahat ng kotse. Sisigaw siya, “Ito ang buhay!”

⁸⁰ Ang mahirap at hamak na labandera bitbit ang kanyang mga anak. Mabibigyan siya ng bakasyon sa Hollywood, at siya'y tatanghaling “reyna ng buong araw,” sa kung anong palabas, o sa kung anu-ano pang mga kagaya nun, o mananalò ng ilang papremyo. Ikatutuwa niya ito, nang mainam hanggang sa sabihin niya, “Ito ang buhay!”

⁸¹ Subalit sadyang napakabaluktot nga niyon! Iyon ay kamatayan. At silang nagtataglay niyon ay mapapahamak. At mapapansin natin, ngayon. . .

⁸² Ngayo'y maaaring medyo makaluma ako sa mga ganitong bagay, at para bang padalos-dalos sa pananalita at masyadong madiin, subalit ito'y upang talagang. . . Ang layunin nito, ay upang magpakita ng isang punto.

⁸³ Ngayon, marami, sa panahon ngayon, mahilig sa palabas. Mahilig sila sa mga plaka. Nagpupunta sila sa maliliit na restaurant, at halos hindi ka na nga makakain dahil sa—sa mga sikat na plakang pinapatugtog nila, itong mga rock-and-roll at—

at itong mga boogie-woogie, at lahat nitong mga nakakaindak, na fang-tango, gawang-diyablo, mga plakang kinasihan ng demonyo. At, oh, iniisip ko kung ano kaya ang magiging resulta kapag nalaman nilang walang kaugnayan iyon sa Kanya na Walang Hanggan!

⁸⁴ Nakikinita ko, sa araw na iyon kapag ayaw nang sumikat ng araw, at ang oras ay titigil at malulusaw na sa Walang Hanggan, nakikita ko nang masisindak si Elvis Presley, sa umagang iyon. Sigurado iyon. Oo. Mapagtatanto niya ang bigat ng kanyang mga plaka, kapag narinig na niya ang panaghoy ng milyun-milyong kaluluwang ibinulid niya sa impiyerno. Ang tatlung piraso ng pilak ng pagkakanulo ni Judas na kumakalansing sa pinggang-metal, ay magiging panunudyo, kay Elvis Presley sa oras ng kanyang kaparusahan, sa umagang iyon. Sapagkat, ginawa iyon ni Judas dahil sa iyon ay upang tupdin ang isang Kasulatan, upang matubos ang tao. Subalit binaluktot ni Elvis Presley ang sakdal na bagay, gayong isa siyang Cristiano, at ipinagbili ang kanyang pagkapanganay sa halagang isang milyong kaluluwa sa impiyerno.

⁸⁵ Nakikinita ko, si Arthur Godfrey, kasama ang lahat ng kanyang mga inakay na Godfrey, na naroroon sa umagang iyon, din naman, kasama ang kanyang mga olandesa, mga brunet, at mga mapupulang-buhok. At hindi uubra ang kahit ilan pang “Aba Ginoong Maria” para linisin ang kanyang nanlilimahid na kaluluwa at ang kanyang budhi, sa Presensiya ng Diyos. Kapag napagtanto na niyang, yaong, mga mahahalay niyang patawa at mga biro, at ang mga ganung bagay na ipinang-akay niya sa milyun-milyon sa impiyerno, sa pamamagitan niyon.

⁸⁶ At tinatawag nila iyong, “Buhay.” Aba, ’yun ay kamatayan, at hindi nila alam iyon.

⁸⁷ Ngayo’y pansinin n’yo, dito, sa bagay na ito na tinatawag ninyong “buhay,” nagiging kahabag-habag ito hanggang, kadalasan, may mga taong kinikitil ang kanilang buhay. Kaya, hindi iyon maaaring ang Buhay na sinasabi ng Diyos, sapagkat hindi mo maaaring kitilin ang Buhay na pag-aari ng Diyos, at ni hindi mo rin maipamimigay ang Buhay na pagmamay-ari ng Diyos. Nakasalalay iyon sa pamamagitan ng pinakadakilang biyaya sa mga kamay ng Diyos lamang. Subalit itong abang mortal, at baluktot na bagay na kinabubuhayan ninyo, na tinatawag na buhay, maaari ninyong kitilin iyan kailanman ninyo naisin. Subalit, ipinakikita ninyo lang na hindi iyan Buhay! Sadyang kahabag-habag ang kinahahantungan nito!

⁸⁸ Itong tinatawag nating buhay ngayon, ay isa lamang anino o isang negatibo. Wiling-wili tayong lahat sa pagsasaya, ngunit maaari naman tayong magsaya sa sakdal na bagay. Ipinakikita nitong nakadugtong na tayo sa tunay na bagay, kapag nagagalak tayo sa sakdal na bagay. Subalit kung nagagalak tayo sa maling

bagay, ipinakikita lang nito na nakadugtong tayo sa maling bagay. Kaya, masasabi ngayon mismo ng ating buhay kung ano tayo, kung saan tumutugaygay ang ating mga emosyon. Nakikita n'yo ba? Tayo ay . . .

⁸⁹ Kung tayo ay nagagalak sa sanlibutan at sa mga masasamang bagay, ang ating mga pag-iisip at mga kaluluwa ay kinasihan ng dakong ibaba. Boogie-woogie, mga sayawan, mga pagdadalamhati ng puso, paglalasing, lahat nitong mga bagay na tinutugaygay natin, mula ito sa dakong ibaba.

⁹⁰ Subalit kung nagagalak tayo sa Espiritu, na nagkaroon tayo ng Buhay na Walang Hanggan, at idinudulog natin ang ating mga damdamin sa Diyos at pinapapurihan Siya, kung gayo'y mayroon tayong kagalakan. Kung gayo'y mayroon na nga tayong galak. Sinabi ni Jesus, "Aking . . . upang malubos ang inyong kagalakan." Ngunit, hindi malubos ng baluktot na buhay, kundi malubos ng Buhay na Walang Hanggan, sa dakong Itaas. Kaya, nakikikita n'yo, depende iyon sa kung ano ang pinagtutuunan ninyo ng pansin.

⁹¹ Ngayon bilang pagsasalarawan lang, para sa sikolohiyang hugot dito, o saykayatriko; ngayo'y pansinin natin, nang ilang saglit, itong saykikong silip. *Narito* ang larawan ni Cristo, at *narito* ang isang bentilador. Nakadepende sa kung alin ang pagtutuunan ko ng pansin, kita n'yo, kung nahihila ang aking emosyon sa gawing *ito* o nahahatak ang aking emosyon sa gawing *iyon*. Kung pinagmasdan ko *iyon*, at inasam iyon at ninasa iyon, ang aking emosyon ay nakalagak doon sa bentilador. Subalit kung tumitingin ako sa gawing *ito*, ang aking emosyon at ang aking pagnanais ay nakalagak sa gawing *iyon*.

⁹² Iyon ang dahilan kung bakit sinabi ni Jesus, "Ang bawat tumingin sa isang babae na may masamang hangad, ay nagkasala na ng pangangalunya sa kanyang puso." Kita n'yo? Doon nakatuon ang inyong emosyon, kung nasaan ang inyong pag-iisip.

⁹³ At kung gayo'y maaari tayong patuloy na magalak, dahil tayo ang mga anak ng pangako, sa dakilang Walang Hanggang Iglesia ng Diyos, na nagtataglay sa pangako Mismo ni Cristo, "Hindi ito maaaring mabigo." Siyanga.

⁹⁴ Iniisip ng sanlibutan na mga baliw tayo. "Oh, *ito* ang buhay! Whoopee!"

⁹⁵ Sa araw na ito ako'y makikipagkita sa isang binibining bumisita sa isang . . . Isang saykayatriska . . . Siya ay tatlumpu't limang taong gulang; hindi kailanman nanigarilyo, hindi kailanman uminom ng alak, sa buong buhay niya. Isang napakabuting babae. Ang mga kaanak niya ay mga Cristiano. Isang doktor ang kanyang ama. At kanyang . . . ibinigay na ang buhay niya kay Cristo, sa murang edad. At ano ang ginawa niya? Naghanap-hanap siya, at nakatagpo siya sa wakas ng isang

posisyon sa isang kolehiyo kung saan siya nakapagturo. At may isang saykayatriska roon, naupo ito para makipag-usap sa kanya, at sabi nito, “Ibig mong sabihin hindi ka pa nahahalikan ng lalaki?”

Sabi niya, “Hindi pa ni minsan, sa buong buhay ko.”

⁹⁶ “Ibig mong sabihin hindi ka pa nakainom kahit kaunti at nakapunta sa isang kasiyahan?”

“Hindi pa.”

Sabi, “Iha, hindi mo alam ang napalalampas mo.”

⁹⁷ Ngayon, dahil siya’y isang saykayatriska, niliko niya ang isip ng babae, hanggang sa ngayon ay naging napakasama na ng babae at napakagrabe, umabot na sa puntong ni ayaw na niyang marinig ang Pangalan ni Jesus na binabanggit sa kanyang—sa kanyang harapan. At maging ang kanyang ama’t ina’y hindi na siya nakikita, pa. At nawala na siya sa kanyang matinong pag-iisip, at nitong susunod na linggo ay dadalhin na siya sa institusyon para magamot. Ito’y dahil sa ibinaling niya ang kanyang isipan mula kay Cristo, patungo sa kung ano ang ipinapasok ng saykayatriska sa kanyang isip.

⁹⁸ At iyon ang ipinarito namin, ngayong umaga, ang dalhin ang inyong pag-iisip at ang inyong kaisipan buhat sa mga bagay ng yong sanlibutan, patungo sa mga bagay ng Diyos, na Walang Hanggan. At para sa ganitong mga bagay ang pangangaral, ang ibaling ang pag-iisip patungo sa isang mas mataas at mas mainam, at sa dakong kinaroroonan ni Cristo, hanggang sa kayo ay mabago. Nang sa gayo’y aasamin na ng inyong pag-iisip ang mga bagay na nasa Itaas.

⁹⁹ Ngayon, dahil ang buhay dito sa ibang dakong ito, ay pumasok sa babae, iniisip nilang baka siya maglason anumang oras. Oo, ang buhay ay magiging kahabag-habag, ang ganoong klaseng buhay nga, hanggang sa magpatiwakal sila, maglason at kung anu-ano pa.

¹⁰⁰ Ngayon, gayunpaman, ang Diyos, sa Kanyang dakilang pamamalakad para sa sangkatauhan, nilalang ang tao sa katayuang kinalugdan Niya para sa tao. Ngayon, ginawa Niyang mauhaw ang tao.

¹⁰¹ Napansin ba ninyo si David dito? Sabi, “Kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa.” Oh, gustong-gusto ko ’yan. “Na gaya ng nasa mga tuyong lupa, na walang tubig.” Pagwariin n’yong mainam. Sabi, “Ang aking kaluluwa ay lubhang nauuhaw, Diyos! Kinauuhawan Kita, na para bagang ako’y nasa lupaing walang tubig.” Kinakailangan niyang makahanap ng tubig kundi ay mamamatay. “Kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa.”

¹⁰² Ngayon, nilalang ng Diyos ang tao na may pagkauhaw. Bahagi iyon ng katauhan, ang kanyang pagkauhaw. Subalit, nilagay ng Diyos ang pagkauhaw sa tao upang mauhaw sa Diyos.

At binaluktot iyon ng diyablo, at ginawa iyong pagkauhaw para sa kanyang kaharian, para sa sanlibutan. Nauunawaan ba ninyo ito? Ang pagkauhaw na nasa tao ay maka-Diyos, sapagkat nilalang ng Diyos ang tao na mauhaw, mauhaw sa Diyos.

¹⁰³ At bakit gaanon na lamang ang ilan sa inyo, na napakamanhid para umiyak...sinisikap pawiin 'yang banal na bagay ng pagkauhaw, sa pamamagitan ng paglalasing, at paninigarilyo, at telebisyon, at paglilimayon at kung anu-ano pang pinaggagagawa, at walang kabuluhang pagkakatuwaan, sinisikap na pawiin ang banal na bagay na inilagay sa inyo ng Diyos upang mauhaw para sa Kanya. Sinasalaula ninyo ang bukal na inilagay sa inyo ng Diyos, upang matanggap ang Kanyang Espiritu, at nilulunod ninyo ito ng mga bagay ng sanlibutan. At hindi makapagbibigay kasiyahan ang mga iyan. Hindi kailanman makapapawi ang mga iyan.

¹⁰⁴ At 'yan ang dahilan kung bakit itinututok n'yo ang barrel sa inyong mga sentido, para pasabugin ang mga ito, dahil nga dapat maganap ang mga bagay ayon sa nararapat lamang maganap. At ang sanlibutan ay nasa pangmalawakang pagpapatiwakal, nasa kabaluktutan at kabaklaan, at laganap ang krimen sa lupain ayon sa dapat ngang maganap, at ito'y dahil sa binabaluktot ninyo ang mismong bagay na sadyang ibinigay sa inyo ng Diyos, at sinisikap itong pawiin sa pamamagitan ng kasamaan ng sanlibutan.

¹⁰⁵ Tanggapin n'yo ang banal na Espiritu Santo, 'pagkat inilagay ng Diyos ang pagkauhaw sa inyong kaluluwa upang tumawag, ngunit pinapawi n'yo ang uhaw ng nightclub na nasa kung anong lupalop, hindi na nakapagtataakang masakit ang inyong ulo kinaumagahan. Pagkatapos, kukuha kayo ng isang— isang kaha ng serbesa at iuuwi sa inyong bahay, at mauupo at iinumun iyon, sinisikap na pawiin ang banal na pagkauhaw na inilagay ng Diyos sa inyong kaluluwa upang kauhawan Siya. At sasalok sa nakasusulasok na tubig ng diyablo at sisikapng pawiin ang—ang uhaw na inilagay ng Diyos sa inyo, upang mauhaw sa Kanya, wala nga kayong matatanggap na anuman kundi Walang Hanggang pagkahiwalay mula sa Presensya ng Pinakamakapangyarihang Diyos! Gayong, nilikha Niya kayo upang mauhaw sa Kanya!

¹⁰⁶ At isinuko ni David ang kanyang sarili, at nagsabi, “Nauhaw ang aking kaluluwa, na para bang ako'y nasa tuyong lupa na walang tubig. Kinauhawhan Kita, O Diyos.” Hayan nga. Sabi ni David, “Nakita Kita sa Iyong santuaryo, at nauhaw ang aking kaluluwa para sa Kapangyarihang iyon.” Hayan nga. Iyon ang kaibhan. Iyon ang magiging pagkakaiba, itong pagkauhaw na ipinagkaloob ng Diyos sa inyo, kung papawiin ninyo ito sa pamamagitan ng Tubig.

¹⁰⁷ “Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangauuhaw. Magsiparito kayo at uminom mula sa mga bukhal ng Buhay, nang walang bayad, walang singil, walang presyo. May isang bukhal na nakabukas sa Bahay ng Diyos, sa bayan ni David.”

¹⁰⁸ Hayan ang Bukhal na inyong kinauuhawan. Natitiyak ko, ito nga. Huwag ninyo itong subukang baluktutin, sa pagsasabing, “Papawiin ko ito, sa paglalasing. Papawiin ko ito, sa pakikipagtipan sa babaing *ito*. Pupuslit lang ako nang ilang sandali mula sa aking asawang lalaki. Pupuslit lang ako nang ilang sandali mula sa aking asawang babae.” Nag-iipon lang kayo ng kahatulan!

Sasabihin n’yo, “Hindi ako nasisiyahan, Kapatid na Branham.” Hindi na nakapagtataka!

¹⁰⁹ Ang Diyos iyon na kinakaugnay kayo. Ang Diyos na sinisikap kayong dalhin sa isang bagay, pero pinipili ninyo ang payo ng diyablo at sumasama rito. At sa ganoong paraan dumarating ang pagdadalamhati. Sa ganoong gawi dumarating ang kamatayan. At ang buhay na iyon ay hindi Buhay; iyon ay kamatayan. “Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; subalit ang kaloob ng Diyos ay Buhay na Walang Hanggan sa kanila na tatanggap Nito.” Oh, huwag kayong padadaya.

¹¹⁰ Saka pa, may iba pang paraan ang diyablo. May ilang sandali pa tayo, para rito. May iba pang paraan ang diyablo para makapagbaluktot, maliban doon. Sasabihing, “Masasabi kong hindi ako umiinom ng alak, Kapatid na Branham, hindi ako naninigarilyo. Hindi ako nagsusugal. Hindi ako nangangaliwa sa asawa kong lalaki o asawa kong babae. Aking—aking sinusunod. . . Aking ipinapamuhay ang mabuting buhay.” Subalit binaluktot din ’yan ng diyablo. Ipinapaisip niya sa inyo, na para alisin ang bagabag sa nagkasala ninyong budhi, kailangang makianib kayo sa isang iglesya at ayos na ang lagay n’yo. Mali ’yon. Pagbabaluktot iyon. Hindi maaalis ang bagabag ninyo sa pag-anib sa isang iglesya. Nagiging pansariling kaisipan ka na lamang; isang intelektuwal na pamumuhay na lamang.

¹¹¹ Subalit hindi kayo kailanman lubos na mapupunan hanggang sa makilala n’yo Siya, bilang siyang kapatawaran ng inyong mga kasalanan, kung saan natutugunan ang naturang pagkakasala, at nagkakaroon ka na nitong kaaya-aya, payapa, tahimik, Walang Hanggan, at walang katapusang pakikipag-kaisa sa Kanya. Kapag binanal na ng kapayapaan ng Diyos na di-masayod ng pag-iisip ang inyong kaluluwa at ginawa na kayong isang bagong nilalang kay Cristo Hesus. Hindi uubra ang pag-anib ng iglesya. Hindi, po. Pagbabaluktot lamang iyon sa tunay na layunin. Kung hindi kayo madala ng diyablo sa mga ganoong bagay, dadalhin niya kayo rito sa isa pa. Subalit

huwag na kayong maghanap pa ng mas mababa pa kaysa isang makalumang karanasan ng bagong Kapanganakan, ang maipanganak na muli ng Espiritu ng Walang Hanggang Diyos. Kapag nagbuklod na ang inyong kaluluwa sa Diyos at kayo'y naging isa na.

¹¹² Si David, din naman, sa Mga Awit, sa kanyang pagiging isang—isang mangangahoy at isang mangangaso.

¹¹³ Sa Katimugan ay gumagamit pa rin sila nitong, mga ilang piraso ng asong-gubat para habulin ang mga usa, kadalasan. At napansin ko iyon sa Aprika. At kapag nagsisitakbo na ang mga usa, sinasakmal sila ng mga asong-gubat. At mayroon silang dibirong matatalim na mga ngipin sa harapan. At napakatuso nila, gaya ng kasalanan. Kumukubli sila't nag-aabang sa munting usa. Sumasalungat sila sa hangin para hindi sila maamoy. At aatake sila, bigla-bigla na lang, at palilibutan nila ang munting nilalang, at gugutay-gutayin nila ito nang pira-piraso.

¹¹⁴ Ganoon ang ginagawa ng kasalanan. Nililigaw ka nito sa maling lugar. Kapag inisip mo na, iyong, “Buveno, susubukan ko lang ang kaunti *nito*. Makapupuslit ako *rito*. Aking... Hindi naman nila malalaman ang anumang tungkol dito, *diyan, doon*.” Huwag kang mag-alala, may isang Matang nakakakita ng lahat na nagamatyag sa iyo. At nag-aabang ang kasalanan sa pintuan. Mag-ingat ka. Tutugisin ka nito.

¹¹⁵ At pagkatapos kung minsan kapag nasakmal na ang isang maliit na usa, marahil nga kung minsa'y sa tagiliran pa ang kagat. Marahil hindi siya nasunggaban nang mataas-taas para sana'y mahila't madaganan siya sa lupa. Susunggaban siya sa tagiliran at malaking piraso ng laman ang mababaltak sa kanya. At marahil, pagkatapos, dadakmain siya, para baliin ang litid sa kanyang mga binti sa bandang likod *dito*, na magpapalupaypay nang lubos sa kanya, kaya't hindi na siya makatatakbo pa. Wala na siyang kalaban-laban.

¹¹⁶ Subalit kung minsan ay sobra sa taas ang pagkasakmal, at masusunggaban ito doon sa balakang, at malaking piraso ng laman ang mababaltak sa kanya, gaya *nito*, at kaya nga bigla na lang siya susunggaban ng aso at hihilahin, at dadaganang mainam, at malaking bahagi ng laman ang mababaltak sa kanya. Marahil ay malayo sa ugat ng kanyang lalamunan, at susunggaban ito sa dibdib at babaltakin ang isang buong tipak ng laman. At 'yung kaawa-awang, munting nilalang ay lulundag at tatakbo sa abot ng makakaya nito, at, malalaman mo na lang, nakawala na ito sa mga aso at nalinlang na niya sila. Hahabulin ng mga aso ang iba pa, at siya'y tatakbo. Alam nitong hindi magtatagal iyon, hanggang sa ang mga asong iyon, pagkapatay nila doon sa isa pa, ay hahabulin na naman siya. At tatakas siya, nang sinbilis sa abot ng makakaya niya.

¹¹⁷ Ngayon, bilang isang mangangaso, kabisado ko ang mga usa. Alam ko na ang kilos nila. At kung mapapansin n'yo, kung makapunta ang usa sa tubig, kapatid, mapapanauli niya ang kanyang lakas sa isang iglap lang. Subalit kung hindi siya makapunta sa tubig, tapos na siya. Subalit kung makapunta siya sa tubig, maaari mo siyang sundan buong araw, pero magpapatuloy lang siya. Dadaan siya sa isang batis; tatawirin niya ito sa gawing *ito*, at babalik siya sa gawing *ito*. Gagawi siya *rito*. Lulusong siya sa batis at lalakad. Sinisikap niyang linlangin ang mga aso.

¹¹⁸ Ngayon, sinabi ni David, “Kung paanong humihingal ang usa sa tubig ng mga batis, gayon nauuhaw ang aking kaluluwa sa Iyo, O Diyos.” Siya ay sugatan. Tinutugis ng mga aso ng impierno ang bawat isa sa inyo. Gusto lang niya na mailayo kayo sa Pastol, kahit isang beses lang. At sinusungaban sila ng mga ito at bumabaltak ang mga ito ng sandakot na laman mula *rito*, at gasubo mula *rito*, upang balamin kayo. At sinabi ni David, “Kung paanong humihingal ang usa sa tubig ng mga batis!” Oh, kinakailangan niyang matagpuan ang tubig ng batis, kundi ay mamamatay siya.

¹¹⁹ Diyos, maging gayon nawa ang aming kaluluwa ngayon! Sugatan, “Kung hindi ko matagpuan ang tubig ng batis, mahahabol na ako ng mga aso di kalaunan. Ngunit kung matagpuan ko lang ang Iyong tubig ng batis, O Diyos!”

¹²⁰ Alam ng munting usa na alinman sa...Kamatayan o ang tubig ng batis. At sinabi ni David, “Kung papaanong nalalaman ng usa ang kamatayan nito, o ang tubig ng batis, ganoon nauuhaw ang aking kaluluwa sa Iyo. Kinakailangang matagpuan Kita, kundi ay mamamatay ako.”

¹²¹ Oh, kung makararating lamang tayo sa ganoong uri ng Buhay! “Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila’y bubusugin.”

¹²² Maging ganun nawa ang hangad ng iglesyang ito ngayong umaga. Maibaling nawa ang inyong pagpapahalaga mula sa mga bagay ng sanlibutan, mula sa mga layaw ng sanlibutan. Maging ang pagpapahalagang iyon ay paglilinis man ng inyong bahay, maging pagdadamo man ng inyong bukid, o ano pa man iyon, maibaling nawa iyon sa Diyos. “O Panginoon, ang Iyong kagandahang-loob ay mas mainam sa akin kaysa sa lahat ng buhay. Kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa, na para bang ako’y nasa tuyong lupain. At gaya ng usa sa mga tubig ng batis, kinakailangan Kang masumpungan ng aking kaluluwa, kundi ako ay mamamatay.”

¹²³ Kapag humantong na sa ganoong kalagayan ang Branham Tabernacle, mangawawaglit na ang maliliit na ismo palabas ng mga pintuan, at ang mga pagkakaiba-iba ay mawawala nang lahat, at magiging mga Cristiano na ang mga Cristiano.

At ang...Ito ay magiging lugar na pag-uusap-usapan, sa buong mundo, kung ang lahat ng kongregasyon ng mga tao ay mangauhaw sa Diyos sa ganoong paraan. “Ang Iyong kagandahang-loob ay mainam sa akin, O Panginoon, kaysa buhay.”

Tayo ay manalangin.

¹²⁴ Aming mapagpalang Ama, at Diyos, sa aming pagdulog sa Iyo ngayon sa pagtatapos ng munting Mensaheng ito, dalangin po namin na ang pagkagutom at pagkauhaw ay mapasa munting iglesyang ito, ngayong umaga, nang higit kailanman. Nawa ang mga kalalakihan, kababaihan, mga kabataang lalaki at kabataang babae, ngayon sa...sa silong ng bubong sa gawi rito, at maging sa labas man, o saan man sila naroroon, dinggin nawa nila ang Ebanghelyo, at malamang may bagay na—na nagdudulot sa kanila na mauhaw para sa isang bagay.

¹²⁵ Oh, labis na kabalisahan! Sinabi Mong ito’y magiging panahong gaya nito, “kabalisahan, kaguluhan ng panahon, kapanganiban sa pagitan ng mga bansa.” Oh, kung aalisin lamang nila ang paghahangad na iyon sa mas higit pang kapangyarihan, paghahangad ng mas marami pang bomba, paghahangad ng gayong mga bagay, at palitan iyon ng paghahangad ng katuwiran ng Diyos, kung gayo’y sisikat ang Araw ng Katuwiran na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak.

¹²⁶ At kapag nagdalamhati ang Israel, kung magkagayo’y may mga batang naisisilang. At dalangin ko, Ama, na Iyong ilalagay ang pagkauhaw na iyon sa aming mga puso ngayon, na wala nang magiging kasiyahan pa saan man sa sanlibutan, kundi sa hugong ng Iyong mga baha lamang. O Panginoon, hayaang tumawag ang kalaliman sa Kalaliman. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Kami’y dumadalangin sa Pangalan ni Cristo.

At habang nakayuko ang ating mga ulo.

¹²⁷ Iniisip ko, sa iglesya, ngayong umaga, kung may magtataas ng kanilang kamay, magsasabing, “Kapatid, pastor, idalangin n’yo po ako,” ngayon habang nakatingin kami ni Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. “Hangad ko si Cristo. Hangad ko ang pagkauhaw sa puso ko na gaya niyon. Sadyang sawa at pagod na ako sa pagpunta sa isang gawi at bahagya sa gawing *ito* at gawing *iyon*. Hangad ko talaga ang pagkauhaw sa Diyos. Idalangin n’yo po ako, kapatid, mga pastor. Maaari po bang...”

¹²⁸ Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. At pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Ang iba pa’y magtaas ng inyong kamay, sabihing, “Ipanalangin n’yo ako.” Habang...Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Buweno. May iba pa ba ngayon, bago lamang magtapos, itaas ang iyong kamay, sabihin, “Ipanalangin n’yo ako.” Pagpalain

ka ng Diyos, binibini. Siya nga. “Hangad ko rin, naman ito.” Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae, sa bandang likuran. Hayaang . . .

“Sa hugong ng Iyong mga baha.”

¹²⁹ “O Diyos, gawin—gawin—gawin Mo pong malaman kong isa akong mahinang tao, na, hindi ko alam kung sadyang anong oras malalagot itong mga maliliit na marurupok na hibla ng buhay, at paroroon na ako sa Walang Hanggan. Subalit hayaan Mo akong maging gayon, O Diyos, na ang kaluluwa ko ay maging labis na mauhaw para sa Iyo, na wala na akong pagnanais uminom ng alak, wala nang panigarilyo, wala nang pagsinungaling, wala nang ano pa mang kinalaman sa kasalanan. Hayaang ang aking mga pag-iisip ay mailagak sa mga bagay na nangasa itaas. Ipagkaloob Mo po ito sa akin, O Diyos, sa pagtaas ko ng aking kamay.”

¹³⁰ Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita ng Ama ang iyong kamay; walang pag-aalinlangang, ang—ang Diyos na nasa lahat ng dako. Pagpalain ka ng Diyos. Basta’t sabihin mo lang iyan ngayon din, habang nakaupo ka riyan. Basta’t sabihin mo lang, sabihin mo, “Panginoon, ilagay Mo ang pagkauhaw na iyon sa akin.”

¹³¹ Mga anak, alam n’yo ba, na hindi ninyo maaabot ang Diyos sa anumang bagay na mas mababa pa roon? Iyan ang malalim na pagkauhaw, yaong—yaong bagay na nananabik sa Diyos?

¹³² Katulad na lamang nitong hamak, na munting usa, nakikinita n’yo ba siya? Siya’y sugatan. Naghihingalo na siya. Alinman ’yan sa tubig ng batis o kamatayan. At kinakailangan niyang . . . Nakikinita n’yo bang iniaangat niya ang kanyang maliit na ulo? At siya’y umaamoy. Inaamoy niya ang hangin. Tagaktak na ang dugo. Kinakailangan niyang makarating sa tubig ng batis na iyon. Kinakailangan niyang magawa iyon. Bawat mumunting patak, bawat kapisasong luntiang sanga, papalapit na siya rito. Kinakailangang mapasa kanya ito. Ganoon ba kayong kauhaw sa Diyos?

¹³³ Sinabi ni David, “Ganoon ang aking—aking—aking pagkauhaw, Diyos. Sadyang kinakailangan ko itong makamtan, kundi ay mamamatay ako. Nais ko ng Buhay. At ang Iyong kagandahang-loob sa akin, kapag nadarama ko ang Iyong Presensiya, sinisiguradong ang buhay ko ay tumatama sa Iyong Salita, mas mainam ito sa akin kaysa lahat, sa lahat ng iba pang mga bagay, sa lahat ng iba pang buhay at lahat ng mga bagay. Ang Iyong kagandahang loob!”

Ipagtapat ninyo ang inyong mga pagkakamali, habang tayo’y nananalangin.

¹³⁴ Ngayon, Panginoon, nakikita Mo po ang mga kamay. Nakikilala Mo ang mga tao. At dalangin kong patatawarin Mo po ang bawat pagkakasala. Likhain Mo sa kanila itong

masidhing pagkauhaw na namumutawi, upang sila'y magkaroon ng pagnanais. Nagugutom ang kanilang mga puso.

¹³⁵ Bawat tao sa mundo ngayon, naiisip ko ito, ang ating bansa, ay haling na sa kalayawan. O Diyos! Mga pelikula, mga palabas sa telebisyon, mga bulok at malalaswang kuwento! At narinig kong kinakailangan pa ng tatlo o apat na saykayatriska para mapanatili sa pagtatanghal si Elvis Presley, at si Arthur Godfrey at marami pang iba. Nabunyag lamang iyon noong nakaraang linggo, nitong peryodista ng New York, na dumalaw sa kanila at nalamang may tatlo o apat na saykayatriska, sa bawat isa, naglalayong ibulid ang mundong ito sa isang lugar ng napakasama, marumi, masagwa, at walang kabuluhang mga biro.

¹³⁶ At—at ang mga kababaihan sa kalsada, ganoon na lamang kung mawala sa sarili ang mga kalalakihan, kung saan-saan na tuloy humahantong; at nagdidisenyo sila ng mga malalaswang damit para ipasuot sa kanila. At napagtatanto ko, Panginoon, na ang kaawa-awa't, munting kababaihan doon sa kalye, na halos lantad na ang kanyang munting katawan, suot ang isang malaswang damit. At ang lalaki namang iyon doon sa isang bahay-inuman, ngayong umaga, nalalaman kong sinusubukan niyang pawiin ang pagkauhaw na ipinagkaloob sa kanya ng Diyos na mauhaw sa Kanya, sa Diyos, sinisikap niya itong pawiin sa pamamagitan ng kamunduhan, makasanlibutang mga bagay. Dumadalangin po kami, Diyos, na sa paano't paano man . . . Hindi ko nalalaman kung papaano, pero sa palagay ko'y kinakailangan na ito ngayon ding oras na ito.

¹³⁷ Subalit doon sa mga dumulog, at nagtaas ng kanilang mga kamay, ipagkaloob Mo po sa kanila, Panginoon, ang bagay na kinakailangan nila sa kanilang puso. Itong banal na pagkauhaw, mapawi nawa ito ngayon, sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng Espiritu Santo na bumubuhos ng lubos sa kanilang mga kaluluwa habang ipinagkakaloob sa kanila yaong kanilang inaasam. Hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

There's a land beyond the river,
That we call the sweet forever,
And we only reach that shore by faith degree;
One by one we'll gain the portal,
There to dwell with the immortal,
When they ring those golden bells for you . . .

Ngayon ay ihiging ito, nang talagang marahan ngayon.

Don't you hear the bells now ringing?
Don't you hear the Angels singing?

Iyan ay sa panahong magsasama-sama nang lahat sa iisa.

The glory hallelujah Jubilee.
 In that far-off sweet forever,
 Just beyond the shining river,
 When they ring those golden bells for you and
 me.

¹³⁸ Ilan ba ang nagmamahal sa Kanya? Itaas n'yo ang inyong kamay. Salamat sa Panginoon. Ngayon iabot ninyo ang inyong mga kamay, makipagkamay sa katabi ninyo, sabihin n'yong, "Pagpalain ka ng Diyos."

. . . those bells now ringing?
 Don't you hear the Angels . . .

Oo, mga mamamayan tayo ng Kaharian.

That's a glory hallelujah Jubilee.
 In that far-off sweet forever,
 Just beyond the shining river,
 When they ring those golden bells for you and
 me.

¹³⁹ Ngayon, Ama, tanggapin Mo po ang aming mga espiritu at ang aming pagsamba, habang amin itong ipinagkakatiwala sa Iyo. At naghahanda na kami upang manalangin para sa mga batang maysakit ngayon. Dalangin namin na manahan ang Iyong Espiritu sa amin. Upang makapanalangin kami ng panalanging may pananampalataya para po roon sa mga nangangailangan sa oras na ito. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Sapagkat amin po itong hinihiling sa Pangalan ni Cristo. Amen.

¹⁴⁰ Ngayon magtipon-tipon na ang mga maysakit sa palibot ng altar habang papahiran namin sila at mananalanging kasama nila. Ikinagagalak naming tulungan kayo. Isasara na natin ang gawain, maaari kayong manatili sa mga susunod na sampu, labinlimang minuto.

¹⁴¹ Buweno, bigyan mo nga kami—bigyan mo nga kami, Kapatid na babaing Gertie ng, "May naghihintay sa aking isang maligayang bukas."

. . . waits for me a glad tomorrow,
 Where gates of pearl swing open wide,
 And when I cross this veil of sorrow,
 I'll camp upon the other side.

Some day beyond the reach of mortal ken,
 Some day, God only knows just where and
 when,
 The wheels of mortal life shall all stand still,
 (Ano nang mangyayari pagkatapos?)
 Then I shall go to dwell on Zion's hill

Some day beyond the reach... (Isipin n'yo
 iyon!)... mortal ken,
 Some day, God only knows just where and
 when, (Anong mangyayari?)
 The wheels of mortal life shall all stand still,
 Then I shall go to dwell on Zion's hill.

Swing low, sweet chariot,
 O coming for to carry me Home;
 Swing low, sweet chariot,
 Coming for to carry me Home.

Is the old ship of Zion,
 Is the old ship of Zion, (Luwalhati!)
 Is the old ship of Zion,
 Get on board, get on board.

It has landed my old father,
 It has landed my old father,
 It has landed my old father,
 Get on board, get on board.

Is the old ship of Zion,
 Is the old ship of Zion,
 Is the old ship of Zion,
 Get on board, get on board.

¹⁴² Kapatid na Craig, [Blangkong bahagi ng teyp—Pat.] Kapatid na Junie, pumarito kayong lahat, samahan ninyong manalangin ang mga maysakit. Ang iba pa sa inyo, Kapatid na John, sinuman sa inyo na nais na sumama, pumarito lang kayo. Oh!

O won't [Blangkong bahagi ng teyp—Pat.] it be
 wonderful there,
 Having no burden to bear?
 Joyously singing with heart-bells all ringing,
 O won't it be wonderful there?

Won't it be wonderful, wonderful there,
 Having no burden to bear?
 Joyously singing with heart-bells all ringing,
 O won't it be wonderful there?

Walking and talking with Christ, the supernal
 One,
 Won't it be wonderful there?
 Walking and singing with Christ, the supernal
 One,
 Won't it be wonderful there?

Won't it be wonderful, wonderful there,
 Having no burden to bear, over there?
 Joyously singing with heart-bells all ringing,
 O won't it be wonderful there?

¹⁴³ Kapag iniisip natin ang tungkol sa mga bagay na iyon, sadyang napakadakila at kahanga-hanga talaga! Oh, realidad Siya sa atin. Hindi ba't magiging kamangha-mangha roon? Ang dakilang Manggagamot ay naririto ngayon. Nais Niyang pagalingin ang mga maysakit at may karamdaman. Nais Niyang palakasin yaong mga nagdadalamhati. Nais Niyang pagalingin yaong mga may karamdaman.

¹⁴⁴ Ngayon tayo'y yumuko na sa Kanyang Presensya habang inihahandog natin sa Kanya ang ating mga papuri.

¹⁴⁵ O Ikaw na dakilang Manggagamot, habang nagdurugo ang aming mga puso, umiiyak po kaming gaya ng Iyong tupa. At naririnig namin ang Iyong Espiritu na lumalapit muli sa amin. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." At gustung-gusto naming isigaw ang Iyo pong mga papuri. Gustung-gusto naming umiyak sa Iyong Presensya sa kagalakan. Gustung-gusto naming ihayag ang aming mga damdamin sa Iyo, sapagkat mahal Ka namin nang buong nasa kaibuturan namin. Umiibig ang aming buong kaluluwa, isipan, at katawan sa Panginoon.

¹⁴⁶ At dumadalangin po kami, Diyos, na Iyong ipagkaloob sa amin ito, nang palalim nang palalim, at tuluy-tuloy. Maging napakatotoo nawa Nito sa amin, upang maglaho na ang sanlibutan, at ang lahat nitong kahangalan, na kung magkagayo'y hindi na ito sasagi pa sa isipan. Maglalaho ito patungo sa isang Walang Hanggan. May pasimula ito, kaya't ngayo'y magkaroon nawa ito ng katapusan, din naman. Alam naming magkakaroon nga.

¹⁴⁷ At ngayo'y dalangin po namin, Diyos, habang kami, na Iyong mga anak, ay nangakatayo rito, na namamagitan para sa isa't isa, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para sa mga karamdamang nasa aming katawan, na idinulot ng kasalanan ng nakaraan, at ng kasamaan ng sanlibutan, at ng aming mortal na laman. Sadyang napapasailalim nga sa lahat ng kaaway dahil sa ito'y nagkakamali pa rin. At nasasabi naming inihahayag sa amin ng Biblia, nang malinaw, na, "Tumutulong ang Banal na Espiritu sa aming mga kahinaan, at namamagitan."

¹⁴⁸ At dumudulog po kami sa Iyo, Ama, ngayong umaga, na may pagpapakumbaba, nananampalatayang mamamagitan Ka para sa amin ngayon, na, habang ipinagtatapat namin ang aming kasalanan, ang aming mga kamalian, at ang aming mga inaasam para sa Iyo. Ang mga puso namin ay nananabik na gumaling, upang makapaglingkod kami at magawa ang mga gampanin na nais Mong ipagawa sa amin. Ipagkaloob Mo po, Panginoon, sa pagparoon ng Iyong mga matatanda sa iglesia upang magpahid, paroroon akong nagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, ang Espiritu nawa ay pumaritong nagpapagaling. Hinihiling po namin ito na maganap, sa pamamagitan ni Jesus na aming Panginoon.

Ngayon, kapatid, kung maaaring umpisahan mo mula sa ibaba rito at pagawi roon.

¹⁴⁹ Ang lahat ay manalangin, ngayon, marahang awitin ang *The Great Physician*. Ang lahat ay umawit nang marahan.

¹⁵⁰ [Iniwang ni Kapatid na Branham ang pulpito at nagumpisang manalangin para sa mga maysakit. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁵¹ Kung hindi ako nagkakamali, ito si Kapatid na babaing Craig. [Sinasabi ni Kapatid na babaing Craig, “Oo.”—Pat.] Nauunawaan ko ang iyong kalagayan, Kapatid na babaing Craig, na nagkasakit ka nang malubha, kinailangan mong umalis. . . ? . . . [Nakikipag-usap ang isang kapatid na babae kay Kapatid na Branham.] . . ? . . . Ngayo’y tingnan n’yo. Sa dako roon sa mga disyertong iyon, nagpagal kang kasama ng iyong asawang narito, para sa kapakanan ni Cristo. Ang mismong bagay na pinanindigan mo, Kapatid na babaing Craig, ang tanging makatutulong sa iyo ngayon. At bilang lingkod ng Diyos, at alam na mahal ka namin at ni Kapatid na lalaking Craig na narito, lahat kami rito sa iglesya. At ipinagpapasalamat namin ang inyong mga gawa sa disyerto, sa piling ng mga Indian. At ang pagparito mo ngayon, ito ang ospital ngayong umaga. Dito tumatayo ang Manggagamot, Yaong dakila. At upang isagawa ang ganoong operasyon, bibigyan ka namin ng ilang. . . ? . . . Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim. Maaaring naisin Niyang pumanaog at alisin ’yan. Huwag kang magkaroon ng isa mang katiting na pag-aalinlangan, Kapatid na babaing Craig! Gaya na lang. . . ? . . .

¹⁵² Sige po, Kapatid na Neville, pumaroon ka na at magpahid.

¹⁵³ Minamahal na Amang Makalangit, narito po ang maybahay ng isang ministro, . . . ? . . . doon sa mainit na disyerto. Narinig ito ng mga Indian na nakatira roon, sinisikap silang maakay sa Iyo. At nakatayo siya rito sa munting altar na ito ngayon. O mahabaging Ama, habang kami, habang nakapatong ang aming mga kamay sa kanya, bilang isang tanda, nananampalatayang ang Biblia ay ang hindi maaaring magkamaling Kalooban ng Diyos. Pinapatungan namin siya ng mga kamay. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

. . . white as snow, nothing but the Blood of
Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Oh, precious is the flow . . .

¹⁵⁴ [Nakikipag-usap si Kapatid na Branham sa isang kapatid na babae, habang nagpapatuloy sa pag-awit ang kongregasyon—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

155 Ang maybahay ni Kapatid na George Colvin ay nasa Norton's Infirmary Hospital, sa Louisville, para sa inyo na bumibisita para makita sila. At—at si Gng. Colvin, na may kanser sa tiyan, ang kanyang—ang kanyang biyenang babae ay maayos na ang lagay. Kaya, nagpapasalamat tayo dahil doon.

156 Ngayon, para sa inyo na mga maysakit, at naipanalangin na, gusto kong sabihin ito, isang maiksing pananalita lamang. At medyo atrasado na tayo, subalit isang munting bagay na lamang.

157 Patungkol sa Makalangit na kagalingan, oh, napakainam nga nito. At napakasimple na—na dumulog dito, kung kakamtin lamang ninyo ang tamang kilos paukol rito, kita n'yo.

158 Ngayon, ang pangitaing nakita ko, at naipaliwanag ko na ito sa iglesya rito, 'yung tungkol sa tubig, (naaalala n'yo iyon), at ang dam na nasa bandang kaliwang panig, at ang ilog ay dumadaloy patungo sa gawing *iyon*, bawat katiting na bahagi nito'y nahayag mismo roon sa Canada, nang sadyang ganap na ganap. At dumadaloy ang Ilog ng Saskatchewan patungong silangan sa halip na patungong kanluran, at ang talon ay nasa panig na *iyon* sa halip na sa kabila. Paglusong ko roon, at maginaw nga, umiihip ang hangin at umuulan ng niyebe noon, pero natigil din, at sumikat na ang araw. Naroon ako mismo, natagpuan ko ang matandang putol na punongkahoy, ang mga bagay na iyon, sadyang eksaktong-eksakto. At isang pagpihilit nga ng ministryo ko. Mismo.

159 Ipinahayag ng Panginoon dito, ilang linggo na ang nakalipas, kung ano ang nararapat gawin paukol sa espirituwal na pagkilala, at sa iba pa, na nagsimulang maging pinakamalaking pagpapala. At lubos na makapananalangin na tayo para sa mga tao.

160 At ngayon, sa entablado, pagkatapos ng mga naturang pangitain, binanggit natin ang mga pangitain sa entab-. . . bago 'yan, nung magsimula. At nang magsilapit na ang mga tao, bago pa, matutunghayan n'yo na ang patotoo.

161 Ngayon, ito ang dahilan, ito mismo. Kung—kung hindi pa tayo lumaki nang magkakasama. Kita n'yo, mga bata pa tayo noon, nung magkasama, at lumaki tayong magkakasama, 'yun ang dahilan kung bakit di n'yo alam. . . Alam n'yong gustong-gusto kong mangaso at mangisda, at kung anu-ano pa, at iyon—iyon ang humahadlang dito.

162 Si Kapatid na Bill ay isa lamang ninyong kapatid, kita n'yo, na minamahal n'yo at gayundin naman mahal ko kayo. Kita n'yo? At napaparito kayo, at, buweno, kung—kung gusto ninyong ipakumpuni ang mga ilaw n'yo huwag kayong mag-atubiling tawagan ako, sige lang po, gawin natin. At kung hindi ko man kaya, tatawagan ko si Kapatid na Rhody. Nang sa gayo'y aming. . . o anupaman 'yan, alam n'yo na, na ipaaayos n'yo. Kita n'yo? At pangkaraniwan na lamang ito sa inyo. Sa ibang dako

para bang kakaiba. Kapag tayo...Buweno, ngayon tayo... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Isa iyon sa pagkaka-disenyo, tulad na lamang ng kulay-kape at asul na mata. Kita n'yo, ito—ito'y isa sa pagkaka-disenyo. Hindi natin maiiwasan iyon.

¹⁶³ Sa Canada, noong naparoon ako, buweno, siyanga, sinabi ko na sa inyo kung ano ang nangyari. May ilang libo kataong nagsidalò sa amin doon, subalit karamihan sa kanila'y pawang mga Anglican at Baptist, at may iba rin naman, na nagtaguyod ng pagtitipon ko. Ang mga Pentecostal nama'y diretsahang tumanggi sa akin. Kaya, nga, subalit ayos lang, iyon. Mahal ko pa rin sila. Kita n'yo?

¹⁶⁴ Subalit doon, noong gabing iyon, isang babaing lumapit sa entablado, ang pinakaunang lumapit, sa pagtitipon. At bulag siya, hindi ko alam kung gaanong katagal na. Katulad nung babaing dumalo rito na ipinanalangin natin. Kinailangan nilang ihatid ang naturang babae sa entablado, hindi niya alam ang pinagkaiba ng liwanag ng araw sa dilim. Siya'y ganoon sa loob ng maraming taon. At nakatayo ako roon, nananalangin para sa babaing iyon, nang bumukas ang kanyang mga mata habang nasa entablado. At bumaba siya at kumuha ng isang makinilya at minakinilya ang kanyang sariling patotoo sa akin.

¹⁶⁵ Ang sumunod na lumapit, ay isang munting batang lalaking ganap na... Yung munting binibini rito, na lumapit at nanalangin kani-kanina lang, para sa isang munting batang pipi. Naparoon 'yung batang gaya nun doon sa entablado, sa palagay ko ang naturang bata ay nasa mga, oh, sabihin nating, mga walo o sampung taong gulang. Walang kakayahan, walang alam ni isa mang salita. Hindi nga rin makaungol. Hindi makarinig ng anuman; hindi pa kailanman. Isinilang sa ganoong kalagayan, ganap na walang pandinig, walang pananalita. Tumayo roon at umiyak at pinuri ang Panginoon, at siya'y nakakarinig na, at tumakbo-takbo sa entabladong, galak na galak.

¹⁶⁶ Lumapit ang kasunod, isang batang malubha ang pangginginig, mga labindalawang taong gulang. Tumulong si Billy na kargahin ang bata sa entablado, kasama ng dalawa pang lalaki. Siya ay nasa kalunos-lunos na kalagayan, na gaya lamang *nito*, kita n'yo. Naaalala ko tuloy ang munting Edith Wright. At dinala nila ang munting batang iyon doon. At habang nananalangin ako, sabi niya, "Ibaba mo ako. Pinagaling na ako ni Jesus." Buweno, ano pa ba ang magagawa namin kundi ibaba siya? At, noong maibaba siya, lumakad siya roon, na *naggaganito*, [Ipinapalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang tatlong beses—Pat.] nagpupuri sa Diyos at humihiyaw, at nagpapalakad-lakad nang pabalik-balik sa lugar na iyon nang paganito. At ang mga tao'y hinihimatay, halos, sa mga upuan, nang paganito.

167 Pagkatapos ay lumapit ang isang munting kuba, may isang malaking umbok sa kanyang likod. At isa siyang Katoliko. Syempre naman, nauunawaan natin, na naniniwala sila sa kagalingan. Ngayon, sa inyo na mga Katoliko, wala akong anumang laban sa inyo. Ayos lang iyon, kita n'yo. Subalit naniniwala sila sa mga rebulto, at kung anu-ano pa, kita n'yo. At—at sabi ko, “Ngayon tingnan mo, iho, hindi kami naniniwala sa pagpapagaling sa ganyang paraan. Hindi kami naniniwala sa paghipo sa mga rebulto. Nananampalataya kami na kami, sa biyaya ng Diyos, ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, kita mo, at sumasaamin ang Espiritu ng Diyos.”

168 At sabi ko, “Ngayon ganito ang paraan ng paniniwala namin dito. Ngayon naritong parating... napadaan si Jesus, isang araw, at may isang punongkahoy na nakatayo roon. At sabi Niya... Naghanap Siya ng bunga, at walang bunga, at sinabi Niya, ‘Walang taong kakain mula sa iyo, mula... magpakailanman,’ tapos umalis na. At nang sumunod na araw, noong dumaan sila, ang naturang punongkahoy ay nalalanta na. Sabi tuloy ni Pedro... Aba, alam n'yo naman si Pedro—si Pedro, ang ugali niya. Kanyang—kanyang sinabi, ‘Aba, tingnan n'yo ang puno! Masdan n'yo ito.’ At sinabi ni Jesus, ‘Manampalataya kayo sa Diyos. Sapagkat kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-alinlangan, kundi manampalataya na ang sinasabi ninyo ay mangyayari, mapapasainyo ang sinasabi ninyo.’” Sabi ko, “Nauunawaan mo ba iyon?”

“Opo.”

169 “Kapag kayo ay nanalangin, sampalatayanan ninyong matatanggap ninyo ang inyong hinihiling, mapapasainyo ito.”

170 Sabi ko, “Kita n'yo, tayo, matapos nating tanggapin ang Espiritu ng Diyos... Ngayon, nilikha ng Diyos ang sanlibutan mula sa wala. Sa Salita Niya lamang. Lumikha lamang Siya. Ang Kanyang Salita ay paglalang. Kaya, binigkas lamang Niya Ito, at nalikha ang sanlibutan. Sapagkat, Ito ang bagay sa kaisipan ng Diyos, sa Kanyang puso. Binigkas lamang Niya iyon, at lumitaw iyon. Siya ay Manlilikha.” Sabi ko, “Kung gayon, kung mayroon tayong Zoe, Buhay ng Diyos na nasa atin, tayo'y nagiging mga anak ng Diyos, at mga maliliit na manlilikha,” sabi ko, “pagkat sabi Niya, ‘Anuman ang sabihin ninyo, sampalatayanan na ang sinabi ninyo, ay mapapasainyo.’”

171 At napansin ko iyon. Maraming pagkakataong, nagsasabi ako ng mga bagay na hindi ko lubos-maisip sa ganang akin, subalit sinasabi ko ito, ganumpaman. At nalaman ko minsan, nangyari nga iyon sa ganoong paraan. Sinasabi ko ang mga bagay na hindi ko halos hinangad na mangyaring ganoon, subalit naganap nga iyon, sa kung anong paraan, sapagkat sinabi ko iyon. Naisip ko, “Sandali nga lang!”

172 Kaya, sinabi ko, “Nakita mo na, kapag sinalita natin ang anuman, kung may bagay na nakaangkla sa atin, hindi natin dapat ito salitain hangga’t sampalatayanan natin ito. Kung gayon kung sinasampalatayanan natin ito, sinasalita natin ito, at lumalabas ang lumilikhang Salitang iyon. Bahagi iyon ng Diyos, kita n’yo, at lumilikha Ito.”

173 Sabi, “Nauunawaan ko na.” Inakbayan ko siya, ipinanalangin siya.

174 Nalalamang siya ay Katoliko, sabi ko, “Ngayon, maghintay ka lamang. Mamayang gabi, pag-uwi mo, magtali ka ng maliit na pisi sa palibot mo, gaya *nito*, at higpitan mo iyon. Ipagawa mo iyon kay Nanay. At putulan iyon. At pagkatapos, bukas ng gabi, kung hindi iyon lumiit ng tatlong pulgada, kung gayo’y isa akong huwad na propeta. Dalhin mo iyon pabalik, at dalhin mo ang pisi ring iyon. Putulin mo iyon, at ilapag mo iyon dito.

175 Pagkaalis niya, naisip ko, “Ano ba ang nasabi ko? Ano ang nasabi ko? Ano kaya kung naging isang katitisan iyon, kita n’yo?” Naisip ko, “Subalit, kung sinabi iyon ng Diyos, ‘pagkat hindi ko naman alam na sasabihin ko iyon, kaya’t hahayaan ko na lang iyon nang ganoon.” Pinahayo na siya.

Noong sumunod na gabi, mga *ganoon* na lamang kahaba’yung pisi, nakikita n’yo ba ’to.

176 Pagkatapos, ang sumunod, mga dalawa pang kasunod, ay isang munting batang lalaki naman, may isang maliit na umbok sa kanyang likod, nakausli nang *paganoon*. Naroon noon ang isang grupo ng mga, Katolikong Pranses na taga-Canada at sila’y dumalo, at naligtas at napuspos ng Espiritu Santo sa dakong iyon. Kita n’yo? At ang munting batang ito, ang kanyang braso’y nakalaylay nang *ganoon*, may isang maliit na umbok sa kanyang likod. Napakaliit na bata, mga *ganito* lang, at siya na ang sunod. At nung ipinapanalangin ko siya. Sabi ko, “Iho, nakita mo ba ang sinabi ko roon sa isang batang lalaki tungkol sa kanyang balikat?” At, kaya nga naman, kita n’yo, ang mga mumunting kuba kasi, hindi nila maiangat ang kanilang mga kamay nang *paganoon*. Kita n’yo, hukot sila, may kung anong bagay na nasa kanilang likod.

177 Sabi niya, “Opo, ginoo.” Sabi, “Hindi na nga po ako makapipila uli.” At nalaman kong, siya ay galing sa talagang mahirap na pamilya, doon pa sa ibayo ng British Columbia. Kita n’yo? Wala nang pera, para makapanatili pa nang mas matagal.

178 Sabi ko, “Buweno, pagagalangin ka ng Diyos, iho.” Inakbayan ko siya.

179 Ngayon, hindi ko—ko—ko gusto na—na makapagsabi ng isang bagay na hindi naman ganon. Gusto ko—ko—ko lang sabihin kung ano lang talaga, kita n’yo. At nakaakbay ako nun sa munting bata, at nakapatong ang kamay ko sa malaking umbok

na iyon. At pakiramdam ko ay para bang gumalaw 'yung umbok at sumunod ang kamay ko.

¹⁸⁰ Kaya, nang huminto ako sa pananalangin, tiningnan ko siya. May kislap sa kanyang mumunting mata. Sabi ko, "Naramdaman mo ba 'yun?"

Sabi niya, "Opo, ginoo, naramdaman ko."

¹⁸¹ At tiningnan ko iyon, wala nang anumang umbok doon. Sabi ko, "Itaas mo ang iyong kamay." At heto siya't itinaas, sadyang lubos nang normal, sa harapan mismo ng mga taong dumalo roon.

¹⁸² At, oh, iyon ay sadyang . . . Oh, hindi ko alam kung gaanong karami nang mga dakilang bagay ang nagawa ng ating Panginoon, gabi-gabi, sa mga bingi, pipi, bulag.

¹⁸³ At alam n'yo 'yung munting batang babaing ikinukuwento ko sa inyo, sa Alemanya, na mayroong . . . Alam n'yo kung paano siyang umakyat sa entablado, na maging ang mga komunista'y . . . titiklop . . . mamamangha nang lubos? Ang kuwentong iyon ay naulit muli nang ganun na ganun. Isang batang babae ang lumapit, nakatirintas nang mahahaba, may maliit na tila sakiting mukha; bulag, inalalayan nila siya paakyat. At sabi ko, "Kamukha niya 'yung munting batang babaing Aleman; puti ang mumunting mata." Sabi ko, "Kamukha niya 'yung munting batang Aleman na nandoon sa Alemanya." Sabi ko, "Ilan sa mga naririto ang nabasa o narinig na iyon sa mga teyp, o kung saan man." At, oh, daan-daang mga kamay ang nagtaas. Sabi ko, "Kamukha 'yung munting batang babaing Aleman." At sabi ko, "Kayo po ba ang tatay?"

Sabi nung lalaki, "Opo, ginoo."

Sabi ko, "Ano ang kanyang nasyonalidad?"

¹⁸⁴ Sabi, "Ako'y Aleman." Sabi, "Kami'y—kami'y Aleman." Kapuwa silang Aleman ng kanyang maybahay, silang dalawa.

¹⁸⁵ Buweno, 'yung munting batang Aleman, ganun na ganun, 'yung mga maliliit na tirintas na nakasabit sa kanyang likod na gaya 'nun. "Oh," naisip ko, "Panginoon, kung gagawin Mo lang iyon muli!" Kita n'yo? Ngayon ano 'to? Naisip ko, "Ngayon, kung magawa ko lang na . . . Pagkalooban Mo ako ng gayong pananampalataya, na malamang magiging ganoon nga ito, maaari kong bigkasin iyon, at sasampalatayanang mangyayari iyon." Ngunit, ngayon, kailangang mangyari iyon *dito* ngayon din. Kita n'yo?

¹⁸⁶ Kaya't nakamit ko iyon, taglay ang lahat na ng awa't habag na naramdaman ko sa munting bata, at inalalayan ko siya nang paganoon. At sabi ko, "Nakakakita ka ba ng anuman?"

"Hindi, po."

187 Sabi, “Hindi pa siya nakakita.” Oh, sa palagay ko’y hindi pa siya. . . Marahil hindi pa siya nakakita kailanman. Hindi ko alam kung gaano nang katagal mula noong nakakakita pa siya; at marahil hindi talaga kailanman. Ang mga mumunting mata niya, para bang may mga maliliit na puting bola sa mga iyon, parang ganoon.

188 At kaya hinawakan ko ’yung munting bata nang *paganoon*, at ipinanalangin siya. At nakangiti siya noong binitiwang ko siya. Sabi ko, “Nakakakita ka na ba, iha?”

189 Sabi, “Opo, ginoo.” At nagsimula siyang ngumiti, tumutulo ang mumunting mga luha sa kanyang mga pisngi. Isang maliit na bata lamang, mga *ganoon*.

Sabi ko, “Nakakakita ka na nga bang talaga?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

190 Sabi ko, “Ngayon ay pumarito ka sa kinaroroonan ko, at ilagay mo ang iyong daliri sa aking ilong.” At heto na siya, nakangiti gaya nito, at lumapit at inilagay ang kanyang daliri sa aking ilong.

Sabi ko, “Ilang daliri ko ang nakataas?”

191 Sabi niya, “Lima po.” At ang kanyang ama ay parang hihimatayin.

Sabi ko, “Anong sabi mo, iha? Ilang daliri?”

192 Sabi niya, “Isa na lang po ang nakataas ngayon.” At hayan na nga siya, ganap na bulag, nakatanggap ng paningin.

Oh, Siya ay kamangha-mangha! Ito’y—ito’y halos hindi kapani-paniwala.

193 Ngunit, mga kaibigan, marahil mamayang gabi makabalik ako. Kung hindi naman, marahil sa susunod na Linggo. Huwag ninyong kalilimutan ang pagtitipon natin sa Indianapolis, simula ngayon.

194 Tingnan n’yo, mayroon akong isang bagay na gusto kong sabihin sa iglesia. Ito’y isang mensahe sa panahon. Nasa wakas na tayo, mga kaibigan. Tingnan n’yo, tingnan n’yo itong mga malalaking bagyo at itong mga buhawi. Wala pang ganito kailanman. Tingnan n’yo ang mga lindol, lahat ng mga bagay, lahat ng mga bansa. At, kapatid, pinag-uusapan nila ang tungkol sa programa nang pagsasa-ilegal at pagkukumpiska ng mga armas. Iyon mismo ang gusto ng diyablo. Lipunin ang mga armas sa isang lugar, para pasabugin natin ang lahat ng iyon. Iyan mismo ang gusto niya. Kita n’yo? Oh, nabubuhay tayo sa ibabaw ng bariles ng pulbura, at may mitsa riyang sa dulo.

195 Itong ipinangusap ko, ngayong umaga, *Buhay*, oh, saliksikin ninyo iyan nang buong puso ninyo. Hindi ko . . .

196 Kapag napakarami mong sinasabi sa mga tao, maguguluhan sila at hindi na nila alam kung ano na ang sinasabi mo, kita n’yo.

Kaya't . . . Hindi ka maaaring mangusap sa mga tao . . . Paisa-isa lang, ang pinakamabuting paraan para maipaunawa iyon. At wala akong ganoong karaming . . . Marahil isang pagtitipon lang, ngayon tapos sa susunod uli, na kasama kayo, at hindi ako makapangusap sa inyo na gaya ng nais ko, kita n'yo. At nalilito kayo kapag napakarami ko nang sinasabi.

¹⁹⁷ Subalit ang isang bagay na ito'y pakatandaan, ngayong umaga, hanapin ninyo ang Buhay. Oh, hanapin ninyo Ito. Kauhawan n'yo Ito. Basta magpatuloy na abutin Ito. Huwag ninyong hayaang may makahadlang sa inyong daan. Hanapin ninyo Ito.

At hanggang sa magawa na natin iyon, sa ating paglisan, kailangan nating gawin ang ano?

Dalhin natin ang Jesus na Pangalan,
Magpatirapa tayo sa Kanyang paanan,
Hari ng mga hari sa Kalangitan, Siya'y
puputungan,
Sa sandaling ang ating nilalakaran ay matapos
na sa kaluwalhatian.

Buweno, magsitayo na tayo.

Take the name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,

¹⁹⁸ Alam n'yo kung anong magandang gawin. Umikot kayo at makipagkamay sa inyong mga katabi, habang sinasabing, "Kamusta ka na, kapatid? Nagagalak akong nakadalo ka."

Precious Name . . . O how sweet!
. . . and joy of Heaven;
Precious Name, precious Name . . . O how
sweet!
Hope of earth and joy . . .

¹⁹⁹ Ngayo'y bumaling muli kayo rito sa harapan. Nagagalak tayong naririto ngayong umaga si Kapatid na George Craig ng Arizona, isa sa ating mga kapatiran. Nagagalak rin tayong naririto si Kapatid na Whitney ng St. Louis. Mamayang gabi'y naroon siya kina Kapatid na Cauble, upang mangaral tungkol sa propesiyang, hango sa tsart, na nasa simbahan nina Kapatid na Cauble. At—at nariyan rin si Kapatid na Junior Jackson sa bandang likuran, pati na rin ang Kapatid—Kapatid na Collins, at si Kapatid na John O'Bannon, at—at ang lahat ng iba pang ministrong naririto. Nagagalak kaming makita kayo ngayon.

At the name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious name, O how sweet!
Hope of earthy and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet! O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.



BUHAY TAG57-0602
(Life)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 2, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2015 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org